

Smart
Alert
Strong
Kind
Brave

Be
Internet
Awesome.▲

Maligayang pagdating sa Be Internet Awesome kurikulum! Ito ay kolaborasyon sa pagitan ng Google, The Net Safety Collaborative, at Internet Keep Safe Coalition (iKeepSafe.org). Ang mga aralin sa kurikulum na ito ay isa lamang sa nilalaman ng Be Internet Awesome, isang programang binubuo ng maraming bahagi na dinisenyo upang maturuan ang mga bata kung paano maging ligtas at matalino online.

Sa pamamagitan ng Be Internet Awesome kurikulum, binibigyan ng mga kasangkapan at pamamaraan ang mga guro upang maituro ang mga pangunahing kaalaman ukol sa digital safety at citizenship. Ngayong taon, ini-update namin ang kurikulum sa pamamagitan ng anim na bagong gawain sa media literacy. Ang mga aralin sa programa ay nagbibigay ng mga pinakakritikal na katuruan upang ang mga guro ay matulungan ang mga estudyante na maging ligtas at matagumpay sa mundo ng Internet. Ang mga araling ito ay sinamahan pa ng mga teknik ng sa paglalaro gamit ang Interland ([g.co/interland](https://www.g.co/interland)), mga larong punung-puno ng adventure na makakatulong upang ang pag-aaral tungkol sa digital safety at citizenship ay maging interaktibo at kawili-wili - gaya ng Internet.

Limang pamantayang paksa ng digital citizenship at safety mula sa Internet Code of Awesome.

- **Mag-ingat sa Pag-share (Be Internet Smart)**
- **Huwag Magpaloko sa mga Peke (Be Internet Alert)**
- **Pangalagaan ang Iyong Mga Sikreto (Be Internet Strong)**
- **Astig Maging Mabait (Be Internet Kind)**
- **Kung may pag-aalinlangan, pag-usapan (Be Internet Brave)**

Ang mga aralin ay mas akma sa mga batang nasa ika-2 hanggang ika-6 na grado, pero ang mga guro ng may mas matatanda o mas batang estudyante ay nakakita ng halaga sa pagtuturo ng kurikulum sa gayong mga edad, partikular na sa mga pangunahing bokabularyo, talakayan sa klase (bata at matanda), at ang mga laro. Hinihikayat ka naming alamin kung ano ang mas akma para sa iyong mga estudyante, ibig sabihin maaari mong tapusin ang kurikulum mula simula hanggang wakas o kaya naman ay talakayin ng higit pa at sa mas malalim na pamamaraan ang isa o dalawang partikular na aralin batay sa kahalagahan nito sa iyong klase.

Ang International Society of Technology in Education (ISTE) ay gumawa ng isang independiyenteng pag-audit ng Be Internet Awesome, at batay sa resulta ng audit, ang programa ng Be Internet Awesome ay nakakatulong na maihanda ang mga estudyante para makapasa sa 2019 ISTE Standards for Student. At dahil dito, ginawaran ng ISTE ang Be Internet Awesome ng Seal of Alignment for Readiness.

Ang kurikulum ng Be Internet Awesome at mga laro ng Interland ay ilang lang sa mga resource na magagamit ng mga pamilya at guro upang hikayatin ang mabubuting gawi online. Para sa karagdagang resource para sa guro at pamilya mula sa Google gaya ng mga aktibidad na ready-to-teach Pear Deck Slide, mga video ng pagtuturo para sa mga guro, mga materyales na pwedeng mai-download, at ang gabay at mga tip para sa pamilya, bisitahin ang [g.co/BeInternetAwesome](https://www.g.co/BeInternetAwesome).

Talaan ng Nilalaman

Gabay ng Tagapagturo	4
Resource 1: Template ng Email / Liham ng Pagpapakilala sa Mga Magulang	
Resource 2: Mga Kadalasang Itinatanong	
Aralin 01: Mag-Ingat sa Ibabahagi	8
Gawain 1: Kailan Hindi Dapat Magbahagi	
Gawain 2: Kaninong Profile Nga Ba Ito?	
Gawain 3: Ano ang Tingin ng Iba sa Atin?	
Gawain 4: Panatilihin ang Pagiging Pribado	
Gawain 5: Hindi Iyan ang Ibig Kong Sabihin!	
Gawain 6: Matutong Mag-Frame!	
Gawain 7: Interland: Mindful Mountain	
Aralin 02: Huwag Magpaloko sa Peke	28
Gawain 1: Huwag Mahulog sa Phishing!	
Gawain 2: Sino Ka Bang Talaga?	
Gawain 3: Tungkol sa Mga Bots	
Gawain 4: Totoo Nga Ba Iyon?	
Gawain 5: Pagtukoy sa mga Maling Impormasyon Online	
Gawain 6: Interland: Reality River	
Aralin 03: Pangalagaan ang Personal na Impormasyon	58
Gawain 1: Paano Bumuo ng Mainam at Malakas na Password	
Gawain 2: Itago Lamang sa Sarili	
Gawain 3: Interland: Tower of Treasure	
Aralin 04: Cool Maging Mabuti	66
Gawain 1: Mula Bystanders Maging Upstanders	
Gawain 2: Mga Pagpipilian ng Isang Upstander	
Gawain 3: ...Ngunit Sabihin Ito nang Maayos!	
Gawain 4: Ingatan ang Tono ng Iyong Pananalita	
Gawain 5: Gawin Huwag Lang Sabihin	
Gawain 6: Paano Binabago ng mga Salita ang Kahulugan ng Isang Larawan	
Gawain 7: Interland: Kind Kingdom	
Aralin 05: Kapag May Pagdududa, Pag-Usapan	86
Gawain 1: Kailan Dapat Humingi ng Tulong	
Gawain 2: I-report Mo Rin Online	
Gawain 3: Ano ang Ibig Sabihin ng Pagiging Matapang?	

Template ng Email / Liham ng Pagpapakilala sa Mga Magulang

Ito ang template ng email o sulat na iyong maaaring baguhin upang maiparating sa mga magulang kung paano nakatutulong ang mga bagong education tools sa kanilang mga anak na makapag-desisyon ng mabuti para sa kanilang kaligtasan at magiging pag-uugali online.



Mga minamahal na magulang,

Noong bata pa ang ating mga anak, ginagawa natin ang lahat ng ating makakaya upang tulungan silang makakuha ng lubos na benepisyo sa paggamit ng internet, habang sila ay pinoprotektahan mula sa mga panganib at kakulangan ng mundo sa online. Sa kanilang paglaki, ang ating papel ay nagbabago tungo sa paggabay sa kanila na makagawa ng mga pansarili at pinag-iisipang desisyon tungo sa kanilang pagtuklas sa kanilang mga buhay-digital.

Sa (pangalan ng paaralan), kami ay naniniwala sa pakikipagtulungan sa mga magulang, at paghahanda sa aming (baitang) na mga mag-aaral na:

- **Mag-isip ng mapanuri** at pag-aralan ang mga websites, email, at iba pang content online
- **Pangalagaan ang kanilang mga sarili** mula sa mga banta online, kabilang ang bullying at mga scam o panloloko.
- **Maging matalino sa pagbabahagi:** ano, kailan, paano, at kanino.
- **Maging mabuti at magalang** sa ibang tao online, kasama ang pagrespeto sa pagka-pribado ng iba.
- **Humingi ng tulong** mula sa magulang o pinagkakatiwalaang nakatatanda tungkol sa mga nakalilitong sitwasyon.

Sa taon na ito, ang pagsusumikap na ito ay kinabibilangan ng Be Internet Awesome na isang programang dinisenyo para turuan ang mga bata ng mga kasanayang kailangan para maging ligtas at matalino online. Isa sa mga resource ay Interland – isang browser-based na laro na makakatulong na makakatulong upang matutunan ang mga kasanayang ito sa isang interaktibo at kawili-wiling paraan – gaya ng Internet. Ito ay ginawa ng Google sa pakikipagtulungan sa mga guro, tagasaliksik, at mga eksperto mula sa The Net Safety Collaborative at iKeepSafe.org. Ang Be Internet Awesome ay nagbibigay ng masaya at akma sa edad na katuruan na itinaguyod mula sa limang pamantayang aralin:

- **Mag-Ingat sa Ibabahagi**
- **Cool Maging Mabuti**

- **Huwag Magpaloko sa Peke**
- **Kapag may Pagdududa, Pag-Usapan**

- **Pangalagaan ang Personal na Impormasyon**

Ang matalino at ligtas na paggamit ng teknolohiya ay maaaring magtulak sa mga mag-aaral na matuto sa kanilang sariling pamamaraan, gayundin ay makatulong sa ating paaralan upang maging mas mahusay sa ating mga pagkilos. Kami ay naniniwala na ang programang Be Internet Awesome ay magiging mainam na hakbang upang makamit ang ating layunin na ang lahat ng mag-aaral sa (pangalan ng paaralan) ay natututo, nakakapag-diskubre, at nananatiling ligtas online, sa loob at labas ng ating mga silid-aralan.

Ikinagagalak namin ibahagi ang iba pang mga impormasyon tungkol sa programang ito, kabilang ang mga pagpapakilala sa ilang mga kasangkapan na gagamitin sa klase ng mga mag-aaral. Iniimbitahan din namin kayo na bisitahin ang mga kasangkapan para sa bawat pamilya na makikita sa [g.co/BeInternetAwesome](https://www.getinternetawesome.org/g.co/BeInternetAwesome). Hinihikayat namin kayong itanong sa inyong mga anak kung ano ang mga gawain na kanilang sinasalihan, ipagpatuloy ninyo ang mga talakayan sa inyong mga tahanan, at baka sakaling kayo mismo, ay may matutunan na mga payo at gawi tungkol sa privacy at security!

Tapos pusong Sumasainyo,
(iyong pangalan)

Mga Kadalasang Itinatanong

Kailangan muna bang tapusin ang mga aralin bago mag-Interland?

Hindi - ngunit inirerekomenda namin na ituro muna ang mga aralin bago maglaro ng Interland. Ang laro ay pinakamainam kung pinalalakas nito ang mga paksa na nakabalangkas sa kurikulum - at mas masaya kung ang mga mag-aaral ay nagkaroon ng pagkakataong makipag-dialogue, diskusyon, at makipag-palitan ng ideya bago ang karanasang makukuha sa laro.

Kailangan ba ng mga mag-aaral ng Google Accounts para sa Be Internet Awesome?

Hindi! Bukas ang BIA sa kahit na sinong bibisita sa site. Walang log-in, password, o email na kailangan.

Ano ang mga device na akmang gamitin para sa Interland?

Gumagana ang Interland sa anumang device na may Internet at web browser. Ibig nitong sabihin, karamihan ng desktop or laptop, tablet, mobile phone, ay handa kang matulungan upang maging Internet Awesome!

Ano ang lahat ng mga URL?

- Para sa Be Internet Awesome homepage, magtungo sa g.co/BeInternetAwesome.
- Para sa larong Interland, magtungo sa g.co/Interland.
- Para sa Be Internet Awesome kurikulum, magtungo sa g.co/BeInternetAwesomeEducators.
- Para sa pampamilyang kasangkapan, visit g.co/BeInternetAwesomeFamilies.

Kailangan ko ba ng naiibang pagsasanay para matapos ito, o maging espesyal na klase ng guro?

- Una: Ang sinumang guro sa K-12 ay maaaring magturo ng kurikulum na ito sa kanilang mga mag-aaral. Walang ibang kasanayan na hinihingi.
- Ikalawa: Bawat guro ay espesyal! :)

Sa anong baitang pinaka-nababagay ang Be Internet Awesome?

Ang buong programa, kabilang na ang kurikulum, ang laro, at ang mga kasangkapan sa website, ay sadyang idinisenyo para sa mga nasa ikalawa hanggang ikaanim na baitang (edad 7-12). Gayunpaman, depende sa kung paano ituturo ng mga guro ang kurikulum, maaaring makatulong ang mga paksa dito sa alinmang baitang.

Paano matututo ang mga bata mula sa laro?

Ang laro ay nagpapatibay sa mga konseptong nakapaloob sa kurikulum, kung saan ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng kalayaang ma-explore ang mabubuting gawaing digital sa pamamagitan ng paglaro. Mauunawaan din nila ang pakikisalamuhang digital (at mga magiging bunga nito), sa isang ligtas at kapupulutan ng aral na lugar.

Maaari bang magamit ang bawat aralin sa Google Classroom?

Oo, oo! Maaari mong maitalaga ang Interland sa bawat klase o seksyon, o kaya ay gawing bukas ang mga kasangkapan sa lahat ng iyong mag-aaral sa paraan gaya ng pag-aanunsyo sa klase.

Meron bang folder o website na bukas sa lahat at may worksheet handouts na maipapalabas sa whiteboard?

Meron – sa anyo ng presentation decks. Para sa mga pinakabagong disenyo, nakipagtulungan kami sa Pear Deck upang maisalin ang kurikulum sa slide decks para sa madaling pagpipisinta, pagpapalaganap, at pagbabahagi. Maaari mo itong matagpuan lahat sa g.co/BeInternetAwesomeEducators.

Kailangan ba na ako ay eksperto sa digital citizenship para magamit ko ang programa?

Hindi talaga. Ang kurikulum ay sadyang naka-disenyo na madaling maintindihan at maituro sa klase ng sinumang tagapagturo. Dagdag pa rito, kung ikaw ay interesado na maging mas marunong tungkol sa mga paksa ng digital safety at citizenship, maaari kang kumuha ng online course para sa mga tagapagturo sa g.co/OnlineSafetyEduTraining.

Nakaayon ba ang kurikulum sa anumang pamantayan ng bansa o estado?

Buti ay naitanong mo. Oo, ito ay nakaayon sa mga ito. Ang kurikulum ay nakaayon sa pamantayan ng ISTE (International Society for Technology in Education) at AASL (American Association of School Librarians).

Maaari bang i-save ng mga mag-aaral ko ang kanilang natapos sa Interland?

Hindi, sa kasalukuyang bersyon ng laro. At mukhang hindi pa ito magbabago. Ang Be Internet Awesome ay hindi gumagawa, nagtatago o kumikilala ng anumang impormasyong personal -- kabilang ang savefiles. Ang dahilan para rito ay may layunin -- gusto namin na maging bukas para sa lahat ang karanasan, kaya hindi kinakailangan ang anumang account, log-in, o password.

Mabuti iyon, ngunit karamihan sa aking mga mag-aaral ay masaya na kanilang natapos ang laro, at sa kanilang mga natutunan.

Naiintindihan ka namin, at dahil diyan, gumawa kami ng template ng katibayan na maaaring baguhin upang mailagay mo ang pangalan ng mag-aaral at makagawa ka ng sertipikasyon ng pagtatapos ng kurso, na maaari i-print at gawing mas personal, para sa iyong mga mag-aaral.


Saan ko maaaring makita ang iba pang mga kasangkapan para sa tagapagturo?

Ang lahat ng materyal para sa mga tagapagturo ng Be Internet Awesome ay maaaring makita sa ating resources page sa g.co/BeInternetAwesomeEducators.

Meron bang online community ang mga gumagamit ng Be Internet Awesome upang makipag-palitan ng ideya at makakuha ng gabay?

OO (at gusto namin ito!). Kadalasan kaming nakikipagpalitan ng mga ideya at nakikisalamuha sa mga tagapagturo, sa Twitter. Mangyaring sundan ang aming pahina, @GoogleForEdu, upang marami ka pang malaman tungkol sa Be Internet Awesome at iba pang paksa

[illegible]



Mag-ingat sa Ibabahagi

Pagprotekta sa sarili at sa iyong reputasyon online

Pangkalahatang Nilalaman ng Aralin

Gawain 1: **Kailan Hindi Dapat Magbahagi**
Gawain 2: **Kaninong Profile Nga Ba Ito?**
Gawain 3: **Ano ang Tingin ng Ibang Tao sa Atin?**
Gawain 4: **Panatilihin ang Pagiging Pribado**
Gawain 5: **Hindi Iyan ang Ibig Kong Sabihin!**
Gawain 6: **Matutuong Mag-frame!**
Gawain 7: **Interland: Mindful Mountain**

Mga Tema

Nauunawan ng mga guro at magulang kung paano maaaring makasakit ng damdamin, reputasyon at pribasiya ang mga unang pagkakamaling nagagawa ng isang tao online. Ngunit mahirap kumbinsihin ang mga bata na ang mga pinopost nila ngayon ay pwedeng mabigyan ng maling kahulugan bukas - o maging sa hinaharap - ng mga taong di man lang nila inaakalang makakakita ng mga ito.

Ang mga gawaing ito ay nagpapamalas ng mga halimbawa at nagbubukas ng mga talakayan na layong magturo sa kanila kung paano mapapanatiling mabuti ang kanilang online profile sa pamamagitan ng pagpoprotekta sa kanilang pribasiya at mga personal na impormasyon.

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral

- ✓ **Makabuo at makapagpanatili** ng isang positibong reputasyon sa loob at labas ng Internet
- ✓ **Igalang** ang pribasiya ng iba, kahit pa naiiba ito sa nakasanayan
- ✓ **Maunawaan** maaaring maging epekto kung hindi maayos na digital footprint
- ✓ **Humingi** ng tulong sa mga nakatatanda kapag nalalagay sa alanganin

Mga Pamantayang Natugunan

ISTE Pamantayan para sa mga Guro: 1a, 1b, 2a, 2c, 3b, 3c, 3d, 4b, 4d, 5a, 6a, 6b, 6d, 7a
ISTE Pamantayan para sa mga Mag-aaral 2016: 1c, 1d, 2a, 2b, 2d, 3b, 3d
AASL Pamantayan sa Pagkatuto: I.a.1, I.b.1, I.c.1, I.d.3, I.d.4, II.a.2, II.b.1, II.b.2, II.b.3, II.c.1, II.c.2, d.2., III.a.1, III.a.2, III.a.3, III.b.1, III.c.1, III.c.2, III.d.1, III.d.2, IV.a.1, IV.a.2, V.a.2, VI.a.1, VI.a.2, VI.a.3

Bokabularyo para sa Mag-ingat Sa Ibabahagi

Pribasiya online: Isang malawak na kataga na tumutukoy sa kakayahan ng isang tao na kontrolinang impormasyong ibabahagi nya sa Internet, at kung kanino lamang niya ibabahagi ito.

Digital footprint (o digital presence): Ang iyong digital footprint ay ang lahat ng impormasyon na may kinalaman sa'yo na naiiwan online. Halimbawa, mga larawan, tunog, bidyo, mga mensahe, kahit pa yung mga "like" at kumentong iniwan mo sa post ng kaibigan mo. Maihahalintulad ang mga ito sa mga yapak na naiiwan mo kapag naglalakad ka sa lupa.

Reputasyon: kung ano ang tingin ng iba sa'yo base sa yo. Di ka maaari makasiguro kung ano talaga ito, pero sana kanai-nais ito.

Impormasyong personal: Ang impormasyon na tumutukoy sa isang tiyak na tao (halimbawa, pangalan, kalye kung saan nakatira, numero ng telepono, email address, atbp. email address, etc.) ay maituturing na sensitibo. Kaya mag-isip muna ng mabuti bago ibahagi ang uri ng impormasyon na ito sa Internet.

Oversharing: ang labis na pagkekwentto o pagbabahagi ng personal na impormasyon. Maaaring maganap ito sa Internet o sa tunay na buhay.

Settings: Ito ang tampok sa lahat ng mga produktong digital, app, website, atbp., na kung saan maaari mong baguhin o i-adjust kung ano ang mga ibinabahagi mo online o kung paano ang iyong account ay gumagana – kabilang dito ang setting ng pagiging pribado ng iyong account.

Stereotype: ang masyadong pinasimple at pinaniniwalaan ng marami na imahe o ideya tungkol sa isang tao, grupo, o bagay.

Interpret: ang paraan kung paano naunawaan ng isang tao ang isang mensahe o ang pagpapakahulugan nila rito.

Konteksto: ang mga impormasyong pumapalibot sa isang mensahe o ano pa man na nakikita natin at nakatututlong na maunawaan natin ang mensahe. Ang kontekto ay kinabibilangan ng lugar na kung saan sinabi ang mensahe, ang oras nang ito ay ibinigay, o kung sino ang nagsasabi nito.

Representasyon: Isang larawan, simbolo, o paglalarawan na pumapatungkol sa (o nagpapahiwatig ng katotohanan tungkol sa) isang bagay, tao, o grupo.

Frame: Kapag kumuha ka ng larawan o video ng isang tanawin, tao, bagay, ang frame na ito ay tumutukoy sa seksyon na makikita ng mga viewer. Ang bahagi na hindi mo inilagay sa loob ng frame ay hindi rin makikita ng mga viewer.

Kelan hindi dapat magbahagi

Magpapares-pares ang mga mag-aaral. Magbabahagi at maghahambing ng mga kunwa-kunwariang lihim upang mapagnilayan nila ang personal na hangganan ng bawa't isa.

Mga layunin para sa mag-aaral



- ✓ **Maunawaan** kung aling uri ng personal sa impormasyon ang dapat sinasarili lang.
- ✓ **Na laging tandaan** na may karapatan ang bawa't isa na magpasya ukol sa kaniy-kaniyang pribasiya at dapat itong irespeto ng lahat.

Usap tayo



Bakit mahalaga ang pribasiya?

Ang iyong digital footprint ay ang kumakatawan sa iyo sa Internet. Binubuo ito ng mga bagay tulad ng larawan, tunog, bidyo, mga text, mga ni-like mo, at mga comment na sinulat mo sa profile ng iba. Kung gaano kahalaga na mapanatiling positibo ang imahe mo sa tunay na buhay, ganon din sa Internet.

Pinapadali ng Internet ang pakikipag-ugnayan natin sa mga kamag-anak, kaibigan, at mga taong may kaparehas na mga interes. Nagpapadala tayo ng mga mensahe, nagpapakita ng mga larawan, nakikipagtalakayan sa social network, at minsan nakakalimutan na natin na maaaring may mga ibang taong nakakakita sa mga ito. Ang larawan o post na sa tingin mo ngayo'y nakaka-alihw lang ay pwedeng mabigyan ng ibang kahulugan ng mga taong hindi mo akaliang makakita nito, mapa ngayon or sa hinaharap. Ang napakawalan mo na, hindi mo na mababawi uli.

Tandaan:

- Gaya ng lahat ng asa Internet, ang digital footprint mo ay nakikita ng mga taong hindi mo kilala.
- Kapag naging online na isang bagay na ginawa mo o anumang tungkol sa yo, maaaring manatili na ito doon habangbuhay. Hindi ito parang sulat-lapis na maaaring burahin o ibahin kung sakaling magbago ang isip - permanente ang marka nito na parang bolpen.

Kaya mahalaga ang pribasiya mo. Mapoprotektahan mo ito sa pamamagitan ng pagbabahagi lamang ng mga bagay na nakasisiguro kang nais mong malaman ng iba. Sa madaling salita, maging mapili sa mga pinopost at binabahagi sa Internet. Bakit pa nga kaya mahalaga ang pribasiya?

Mahalaga din na malaman kung kelan huwag na lang magpost ng kahit ano - huwag na mag-react sa post, larawan o ano mang comment, o huwag na magbahagi ng impormasyong hindi totoo. Marahil narinig nyo na ang "think before you post" (mag-isip bago mag-post) - at isa itong mainam na payo. Upang igalang ang pribasiya mo at ng iyong kapwa, mag-isip muna bago mag-post - pag-iisipan kung sinu-sino ang maaaring makakita ng iyong post, kung ano ang maaaring kahinatnan nito, at kung kailan mainam na huwag nalang magpost ng kahit ano.

Mga dagdag ng tanong para sa mas masusing talakayan (maaari ring ipa-uwi sa mga mag-aaral ang mga tanong na ito nang mapag-usapan nilang mag-anak.):

- Kailan maaaring magbahagi ng larawan o bidyo ng ibang tao?
- Bakit nga ba mahirap magtago ng lihim?

- Nagiging katanggap-tanggap bang ipagsabi ang lihim ng iba?
- Paano kung ang isang taong mahalaga sa iyo ay nagpopost ng mga bagay na sa tingin mo'y nagpapahiwatig na siya ay nasa panganib? Kung sa tingin mo'y dapat mong sabihin sa iba ang lihim nya, dapat mo bang ipaalam muna sa kanya ang binabalak mo bago ka kumilos? Dapat mo bang ipaalam sa kanya na nag-aalala ka?

Gawain



1. Gumawa ng lihim.

Una, ang lahat ay kumatha ng kunwa-kunwariang sikreto.

2. Sabihin mo sa partner mo

May mga sikreto na kayo? Ngayon, maghanap ng kapares at pag-usapan nyo ang sumusunod:

- Ibabahagi nyo ba ang lihim na yan sa kahit kanino?
- Kanino nyo ibabahagi ang sikreto at bakit?
- Ano ang inyong mararamdaman kung may magbunyag ng inyong lihim nang wala permiso nyo?

3. Sabihin sa klase

Sa wakas sasabihin na ng bawa't mag-aaral ang kani-kaniyang kunwa-kunwariang sikreto, at kung ano ang pakiramdam ng pagbubunyag nito. Pag-uusapan ng klase ang mga tanong sa itaas.

Mga natutunan

Ang lihim ay isa lamang sa mga uri ng impormasyong personal na dapat nating sarilinin, o kung ibahagi man, doon lamang sa mga piling pinagkakatiwalaang tao gaya ng ka-pamilya at kaibigan. Kapag naisiwalat mo na ang sikreto, ang maaaring abutin nito ay wala na sa iyong mga kamay. Ano pa ba ang mga halimbawa ng impormasyon na dapat protektahan?

- Ang adres ng bahay mo at numero ng telepono
- Ang iyong email
- Ang iyong mga password
- Ang iyong mga username
- Ang iyong mga gawaing pang-paaralan at iba pang mga kasulatang ikaw ang may gawa.

Kaninong Profile Nga Ba Ito?

Pag-aaralan ng mga mag-aaral ang koleksyon ng personal na impormasyon ng isang gawa-gawang tauhan. Pagkatapos, susubukan nilang mag-isip ng mga bagay tungkol sa kanya.

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral



- ✓ **Tumukoy** ng mga paraan kung paano makakakalap ng impormasyon sa Internet tungkol sa ibang tao.
- ✓ **Tingnan** kung paano hinuhusgahan ang isang tao tuwing nagpo-post s'ya sa Internet..
- ✓ **Alamin** kung gaano kawasto ang impormasyon at matukoy ang pagkakaiba ng palagay, opinyon, at katotohanan.

Usap tayo



Pa'no natin alam ang (sa tingin natin) alam natin

Napakaraming nagkalat na personal na impormasyon sa Internet. Nang dahil dito, nanghihinuha tayo, at nanghuhula, ng mga bagay o kwento tungkol sa ibang tao na hindi naman laging totoo. Eto ang mga tanong na ating pag-uusapan:

- Ano ang malalaman natin tungkol sa isang tao gamit ang kanilang personal na impormasyon?
- Ano ang pwede nating mahulaan mula sa personal na impormasyon, kahit hindi tayo sigurado?
- Alam ba natin kung paano nakuha ang mga impormasyong ito? Paano natin malalaman ang source?

Gawain



Mga kailangan:

- Mga talaan na nagpapakita ng ng mga gawain sa Internet ng mga gawa-gawang tauhan o mga totoong tao. Maaaring gamitin ng mga mag-aaral ang worksheet para sa Kaninong Profile Nga Ba to? o ibilin ito sa kanila bilang gawaing-bahay para nang magamit sa susunod na sesyon. Etong ilang mga ideya kung paano sila maaaring makakalap ng mga kailangan nilang impormasyon:
 - Mga social media account ng kamag-anak o ng mga taong sikat, kung ang edad ay angkok
 - Inimprentang talaan ng mga browser history
 - Kwaderno o anumang gamit kung saan maaaring magsulat

1. Pag-aralan ang tao

Kung pinili n'yong gamitin ang mga talaan sa worksheet, siguraduhing ang lahat ay may kopyang pwede nilang basahin. Pero kung pinili n'yong gumamit ng impormasyong kinalap ng mga mag-aaral mismo, pumili ng tatlong mag-aaral at ilatag ang mga naipon nilang impormasyon nang parang sa worksheet at siguraduhing ang lahat ay magkakaroon ng kopya nito.

2. Ilarawan

Bumuo ng mga grupo. Bawa't isang grupo ay nakatalaga sa isang tauhan / tao. Dapat nila gawan ng maikling paglalarawan ang tao nila na sinasagot ang katanungan na "sa tingin ninyo, sino itong tao na ito?"

3. Ibunyag ang Katotohanan

Ngayon, naririto ang mga totoong kwento ng ating mga tauhan. (Ibunyag lamang ito kapag tapos na gumawa ng mga panglalarawan nila ang mga grupo.):

- Si **Kristi** ay isang senior sa high school. Tutungtong na siya sa kolehiyo sa susunod na taon kung saan balak niyang mag-aral ng chemical engineering. Nais niyang magtatag ng sarili niyang kumpanya sa hinaharap. Ang mga pinaka importanteng bagay para sa kanya ay ang sumusunod: pamilya, pagtulong, pop culture, fashion.
- Si **Jess** ay isang starting pitcher sa baseball team ng high school niya. Siya ay 15 na taong gulang at nakatira sa Philadelphia. Meron siyang kapatid na babaeng 8 taong gulang. Ang mga sumusunod ang mga hilig nya gawin: baseball, pag-aral ng sining, paggi-gitara, pagtambay kasama ang mga kaibigan.
- Si **Rob** ay 14 na taong gulang. Kakasali pa lang nya sa soccer team. Meon syang 2 pusa. Magaling sya gumuhit at mahilig bumuo ng mga robot pag walang klase. Ang mga pinaka importanteng bagay para sa kanya ay ang sumusunod: teknolohiya, ang kanyang soccer team, mga hayop at mga karapatang panghayop.

4. Pag-usapan

Alin sa mga hula ng mga grupo ang tama, at alin ang mali? Bakit? Bakit hindi? Ano ang natutunan nila sa gawain?

Mga natutunan

Sa tuwing nakakakita tayo ng mga post, comment, at larawan ng iba, nag-iisp tayo ng mga bagay tungkol sa kanila. Pero hindi lahat ito ay tama, dahil ang totoo, ang nakikita lamang natin ay isang bahagi lang ng kung sino sila, o ng mga interes nila. Maaari ding meron lang ibang taong nagpapanggap na sila, o di kaya'y meron lang silang nadadama noong oras na gumawa sila ng post. Ang totoo, di natin sila lubusang makikilala, o malalaman ang kanilang tunay na nararamdaman hangga't makasama natin sila sa tunay na buhay. At kahit ganon pa man, hindi rin mangyayari ito agad-agad!

Kaninong Profile Nga Ba Ito?

Basahin ang koleksyon ng aktibidad online ng tao sa ibaba. Batay sa mga nakikita mo rito, magsulat ng maikling paglalarawan kung ano sa tingin mo ang pagkatao nila. Ano ang gusto nila at hindi gusto at ano ang bagay na pinahahalagahan nila?

Kristi

Mga Larawan ng "Under The Sea" Dance! Gaganda natin!



Pinakamabisang panglaban sa tigyawat

Nakakainis talaga 'tong kapatid kong si Alex! Siguro alien sya.



Multa sa speeding



Young Designers Conference sa Thompson University

SA WAKAS NAPANOOD KO NA RIN YUNG BAGONG SPY WARS MOVIE. Adik ako!

Jess

Panalo kami! Isang game nalang, championship na! Dapat mag-ensayo pa ng 1st base throw.

Ayoko talaga sa mga school dance! #disisipot



Academy of Science, Philadelphia



10 Palatandaan na Winawasak ng Mga Magulang Mo ang Buhay Mo

Itong dadating na Sabado, mangingisda kami ni Daddy sa Penny Park! Masaya to!



La Luna sa City Center Area

Rob



Barney's Burger Emporium

Di pumasok sa goal! ugh Buti nalang tie pa rin kami.



25 na larawan ng mga tuta



The Westfield High Junior Prom

Puntahan nyo yung website ng kaibigan ko! Marami akong ginawang code para dyan.

Bagong high score!! Yessss. I luv gem jam!!

Ano ang Tingin ng Ibang Tao sa Atin?

Susubukan makita ng mga mag-aaral kung paano ang magiging tingin ng iba't ibang uri ng tao sa mga tauhan sa ating nakaraang gawain. Kung paano sila makikita ng isang magulang, amo, kaibigan, ng kapulisan.

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral



- ✓ **Maunawaan** ang perspektibo ng iba kapag may pinapagpasyahan kung dapat ba o hindi dapat ibahagi online.
- ✓ **Isaalang-alang** ang magiging bunga ng paglalantad ng personal na impormasyong online. Ang anumang bagay na ishe-share mo ay magiging bahagi ng iyong reputasyon at maaari itong magtagal.
- ✓ **Gawing layunin** ang pagbubuo at pagpapanatili ng isang mabuting online presence.

Usap tayo



Isang bagong punto de bista

Maaaring may mga pinapakita sa mga tao ang mga impormasyon sa digital footprint mo na hindi mo gustong maisiwalat. At baka may seryosong kahinatnan ito.

Tingnan natin muli ang mga profile mula sa punto de bista ng ating mga tauhan.

- Tingin nyo ba, gusto talaga nilang malaman ng lahat itong mga personal na impormasyon nila? Bakit o bakit hindi?
- Sa mga anong uri kaya ng tao nila nais ipakita o itago ang mga impormasyon?
- Ano kaya ang basa ng iba sa mga impormasyon na to?
- Paano kaya gagamitin ng iba ang mga impormasyon na to?

Ang iba't ibang pagkakataon ay may hinihinging iba't ibang antas ng pribasiya. Ang pagsaalang-alang kung paano nakikita ng iba ang bawat pinopost mo ay ang susi sa pagbuo ng mainam na online privacy habit.

Gawain



Mga kakailanganin:

- Ang bawat mag-aaral ay dapat may kopya nung gawa-gawang profile mula sa Gawain 2

1. Magbago ng punto de bista

Ngayon, mag-gu-grupo-grupo tayo. Tapos, titingnan ng bawat grupo ang mga tauhan mula sa punto de bista na ito:

- | | | |
|------------------------------------|---------|--------------|
| • Magulang | • Coach | • Boss |
| • Kaibigan | • Pulis | • Advertiser |
| • Sarili nya pagkalipas ng 10 taon | | |

Ano ang mahalaga sayo bilang isang isang magulang, prinsipal, coach, kaibigan, atbp.? Ano ang mga mahihinuha mo tungkol sa mga tauhan? Paano mo gagamitin ang impormasyon? Lagyan ng ekis ang mga impormasyon na sa tingin mo, gustong itago ng tauhan mula sayo.

2. Ipakita ang mga konklusyon

Ipresenta ng bawat grupo ang kani-kanilang resulta at ipapaliwanag ang kani-kanilang mga napili para sa kanilang pribasiya. Kung na-aangkop sa inyong klase, magandang pagkakataon ito para mag-role play o skit.

3. Talakayan sa Klase

Ano ang mga pinakamahalagang natutunan nyo sa gawaing ito? Bakit kaya hindi nagpakita ng impormasyong nakuha natin, ang kabuuan ng kwento? Sa tingin nyo, ano ang maaaring kahihinatnan kapag may bumuo ng hindi magandang opinyon tungkol sayo base sa mga bagay na nakita lang niya sa Internet.

Mga natutunan

Maaaring makita ng iba't ibang tao ang parehong impormasyon at hihinuha sila ng iba't ibang konklusyon mula rito. Wag isiping makikita ka ng ibang tao sa paraan na gusto mong makita ka nila.

Panatilihin ang Pagiging Pribado

Pag-aaralan ng klase ang apat na eksena at pag-uusapan kung ano ang mga mainam na solusyong pampribasiya para sa bawat isa.

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral



- ✓ **Magsanay** kung paano makikita ang mga alalahaning pang-pribasiya mula sa iba't ibang punto de bista.
- ✓ **Maunawaan** kung paano humuhingi ng iba't ibang antas ng pribasiya ang iba't ibang pagkakataon.

Usap tayo



Mga eksenang pribado: Ano ang dapat mong gawin?

Eksena 1: May kamag-aral kang kinagat ng insekto. Namaga ito at nag-iwan ng pangit na marka. Ayaw niyang may ibang taong makaalam nito.

- May karapatan ba itong malaman ng iba?
- Dapat bang ikaw ang magsabi sa kanila?

Eksena 2: May isang taong nagsulat sa kaniyang diary. May ibang tao na kinopya ito at pinost online.

- Mali bang pinost nung pangalawang tao ang sinulat ng nauna sa diary nya?
- Ano ang mararamdaman mo kung may gumawa nito sa binabalak mo sanang panatilihin pribado?

Eksena 3: May nagpost ng comment sa page ng kaibigan nya: "Mag-enjoy ka sa bakasyon mo!"

- Nabanggit na kaya nung may-ari ng page na magbabakasyon sya? Gusto kaya nya ito ipa-alam sa lahat?
- May mas pribadong paraan kaya para mabigay ang mensahe na ito? Gaya ng direct message o text?

Eksena 4: Alam mong may isang mag-aaral na gumawa ng pekeng social media account na nagpapanggap na ibang mag-aaral. Negatibo ang dating ng account, at gumagamit ito ng mga personal na impormasyon nung ginagaya.

- May karapatan ba ang pangalawang mag-aaral na malaman ito?
- Dapat bang may magsumbong sa guro or kung sino mang mapagkakatiwalaang nakatatanda? Paano? Ano ang maaaring mangyari kung walang magsusumbong?
- Hindi halata kung sino ito, ngunit alam mo kung sino ang may sala. Dapat bang ipa-alam mo ang impormasyong ito sa isang mapagkakatiwalaang nakatatanda?

Gawain



Pag-aaralan natin ang 4 na eksena at tatalakayin kung paano ang bawat isa'y humihingi ng naiibang solusyong pampribasiya. Maghihiwalay tayo sa 4 na grupo. Ang bawat grupo ay tatalakay ng tag-iisang eksena, at tatalakayin sa buong klase ang ating mga napag-usapan.

Mga natutunan

Ang iba't ibang sitwasyon ay humihingi ng iba't ibang tugon online at offline. Mahalagang igo ang mga napagpasyahan ng iba ukol sa kanilang pribasiya kahit pa iba ito sa mga pipiliin mo para sa sarili mo.

Hindi Iyan ang Ibig Kong Sabihin!

Gamit lamang ang mga emoji, lilikha ang mga mag-aaral ng mga t-shirt na kumakatawan sa kanila. Sa gawaing ito, matututunan nilang maaaring iba-iba ang intindi ng iba-ibang tao sa parehong mensahe.

Paalala sa mga tagapagturo:

Kapag nagsusuot tayo ng damit na may logo ng korporasyon, sports team, paaralan, pulitiko, atbp, nagmimistulan tayong naglalakad na billboard o anunsyo. Ang damit ay maaaring maging parehong direktang mensahe at anunsyo.

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral



- ✓ **Matutunan** ang kahalagahan ng tanong na ito: paano kaya makikita ng ibang tao sa kanilang ibang paraan ang mensaheng ito?
- ✓ **Matutunan** ang mga ginagamit na kilos na mga tao para makapagkomunika.
- ✓ **Makita** na ang pagbabahagi ng isang bagay online ay isang uri ng anunsyo.
- ✓ **Matutunan** ang kahulugan ng "context" (konteksto) at ng "representation" (representasyon)."

Usap tayo



May nakagawa na ba ng maling interpretasyon sa nasabi, naisulat o nagawa mo sa Internet? Ikinagalit o ikinalungkot ba nila ito? Kinailangan mo bang magpaliwanag, at sabihing hindi iyon ang nais mong iparating?

Minsan, kapag nakikipag komunika tayo, kahit na alam natin ang nais natin sabihin, hindi ito mauunawaan ng ating kausap, lalo na't di natin sila kasama sa iisang pisikal na lugar. Yan ay dahil naaapektuhan ng mga karanasan ng isang tao ang kanilang pagbibigay ng kahulugan sa mga salita at larawan.

Lalo pa nakakadagdag sa lito na minsan may mga nakokomunika tayo na hindi natin sinasadyang nalalaman. Pinapamalas natin kung sino tayo - at hinuhusgahan natin ang iba - gamit ang mga pahiwatig gaya ng pananamit, ayos, at kilos. Representasyon ang tawag dito - ang pagpapahiwatig ng isang bagay tungkol sa isang bagay, tao, o grupo gamit ang larawan, simbolo, istilo at salita.

Halimbawa - sakaling makakita ka ng larawan ng isang taong na nakasuot ng jersey ng isang sports team, malamang ay isipin mong tagahanga siya noong kupunan na iyon. (At malamang tama ka.) Yan ay dahil nakilala natin yung disenyo ng jersey - alam natin na isa itong "code" o pahiwatig. Kaya kahit hindi tayo sigurado kung aling sports team ang kinakatawan nito, alam nating isa itong kupunan.

Ngunit paano kung makakita ka ng taong may nakapatong na keso sa ulo nya? Ano ang iisipin mo tungkol sa taong ito? Kung nakatira ka sa Wisconsin o kung mahilig ka sa football, alam mong "cheese head" (mukhang keso) ang tukso sa mga tagahanga ng Green Bay Packers. Ginamit ng tao sa larawan ang sumbrerong may keso upang ipamalas ang suporta nya sa Packers.

Kung hindi mo alam ang fan code na ito ng Packers, malamang iisipin mong naka-halloween costume sya, o di kaya'y sadyang kakaiba lang. Baka nga maisip mo pang mag comment

kung gaano ito ka-weird. Baka ikagalit ito ng mga tagahanga ng Packers. Para sa kanila, magaspang ang comment na iniwan mo, at baka sagutin nila ito ng isang marahas na comment tungkol sa iyo. At ikakagalit mo naman ito, kaya't magkakaroon ng isang pagsabog ng negatibong comments at nasaktang damdamin.

Kaya paano natin masisigurong mauunawaan ng mga tao sa Internet ang gusto natin talagang nais sabihin? Isang paraan ay ang pagturing natin sa sarili natin bilang mga media creators, at di lang mga taong nakikipag-usap o nanonood. Sa tuwing gumagawa tayo ng online profile, may pinapadalang mensahe, nag-iiwan ng comment, nagshe-share ng larawan, tayo ay lumilikha ng media. At gaya ng mga mahuhusay na media creator, masusi nating pinag-iisipan ang bawat media na ating nililikha at ibinabahagi. Bago natin ipost ang kahit ano, tumitigil muna tayo at tinatanong sa sarili: "Paano kaya babasahin ng isang taong hindi ko katulad itong mensahe ko?"

Gawain



Mga kailangan:

- Magbigay: "itam na t-shirt" (isa para sa bawat mag-aaral)
- Magbigay: "Emoji grid" (ipo-project or ipopost para makita ng lahat)
- Mga panulat at pangkulay
- t-Tape (o kung anuman ang pwede gamitin para maipakita ang t-shirt)

1. Gawain: Ilarawan ang sarili gamit ang mga emoji

Para matulungan tayo kung paano maging mahusay na media creator, magdedesenyo tayo ng mga t-shirt. Sa mga t-shirt na ibibigay sa inyo, gumuhit ng isang larawan na kumakatawan sa inyo gamit lamang ang mga emoji. maaari lamang gumamit ng hanggang tatlong emoji. (maaaring kumopya ng ninanais na emoji, o mag-imbento ng sarili.)

2. Ipakita at ikwento

Makipag-pares at hulaan kung ano gustong sabihin ng mga emoji sa t-shirt ng partner mo tungkol sa kanya? Tama ba ang mga naging hula ninyo, o kailangan niyo pang ipaliwanag sa isa't isa ang tunay na kahulugan nito?

3. Magkakilanlan

Isabit ang mga t-shirt sa paligid ng kwarto nang makita ng lahat ang t-shirt ng bawat isa. Kaya nyo bang tukuyin kung sino ang nagmamay-ari ng aling t-shirt?

4. Pag-usapan ang mga natuklasan

Bakit mahirap, o madali, na tukuyin kung sino ang may-ari ng mga t-shirt?

- Ano ang napansin mo sa mga simbolo o emoji sa mga t-shirt na madaling i-tugma?
- May mga emoji ibang ginamit ng nakararami? May emoji bang isang tao lang ang gumamit?

Napagkasunduan ba ng lahat kung ano ang ibig sabihin ng bawat emoji? Paano binabago ng konteksto ang ibig sabihin ng isang emoji?


Tingnan nag emoji ng kamay na may dalawang daliri. Paano ka nakasisiguro kung kapayapaan, tagumpay o dalawa ang nais sabihin nito? Paano naman ang emoji ng apoy? Ang ibig sabihin ba nito ay panganib, o sunog? O isang magandang tao? ("Ang hot mo!") Nagbabago ba ang ibig sabihin depende kung nasaan ito? (Ang naka bungisngis na emoji sa iyong gawain bahay ay maaaring nangangahulugang nagalingan ang iyong guro sa gawa mo, pero kung nasa mensahe ito galing sa iyong kaibigan, pwedeng ibig sabihin ay tinutukso ka nya o nagbibiro lamang siya).

Mga natutunan

Bilang mga media creator, marapat tumigil muna at isipin: "Paano kaya ito babasahin ng isang taong hindi ko katulad? Sigurado ba akong maiintindihan nila ang nais kong sabihin" At dapat din natin itanong sa sarili natin bago tayo mag-iwan ng comment: "Tiyak ba kong naunawaan ko ang nais nila sabihin? Paano ko malalaman?"

Magbigay: Gawain 5

Blangkong t-shirt



Emoji grid



Matutuong Mag-frame!

Paalala sa mga tagapagturo:

Gumagawa ang mga tao ng media sa pamamagitan ng pagpili. Ang pinaka payak na halimbawa nito ay pagpili kung alin ang isasama at kung alin ang hindi isasama. Layon ng aralin na ito, na tulungan ang mga mag-aaral na maituturing ang mga sarili bilang media makers na namimili kung alin lamang ang marapat ibahagi sa Internet.

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral



- ✓ **Na makita** nila ang mga sarili bilang mga media creator.
- ✓ **Maunawaan** — na ang media maker ay namimili kung alin ang ipapakita, at kung alin ang ilalabas sa frame.
- ✓ **Gamitin** ang konsepto ng frame nang matukoy ang pagkakaiba ng ipapakita sa publiko at sa itatago.

Usap tayo



Kinokontrol ng mga media maker kung gaano karaming impormasyon ang ibabahagi nila sa pamamagitan ng framing. Pinipili nila kung alin lamang ang nasa loob ng frame (yaong nakikita), at kung alin ang nasa labas ng frame (yaong nakatago).

Gawain



Mga kakailanganin:

- Index cards at gunting (isa para sa bawat mag-aaral)
- Mamigay: "Anong nasa loob ng frame? o screen o smartboard na may mga imaheng naka-project."

Bilang isang klase, tingnan ang bawat gawain ng magkakasama at pag-usapan:

1. Framing

All lahat ng media ay nagmumula sa pagpili ng mga media maker. Isang mahalagang halimbawa ng pagpiling ito ay pagpapasya kung alin ang isasama, at kung alin ang iiwan. Sa tuwing kumukuha tayo ng larawan o ng bidyo, tinutukoy ng isang frame kung alin ang "kasama" at kung alin ang "iiiwan."

Para makita kung ano ang ibig sabihin nito, gumupit ng parihabang butas sa gitna ng inyong index card. Ito ang inyong frame.

Ilayo ang frame sa mukha - ang pinakamalayong maabot ng iyong braso - at unti-unti itong ilapit, tapos ilayo uli. (Maaaring ihalintulad ang kilos na ito sa "zoom function" ng inyong camera). Ano ang iyong napansin sa mga nakikita ninyo sa loob ng frame? Ano ang nangyayari kung igagalaw ninyo ang card mula kaliwa pakanan? May paraan ba ng paghawak sa frame para makita sa loob nito ang ilan lamang sa napiling ninyong mag-aaral, habang nasa labas ang iba? O ang mga bagay sa dingding?

Kung kinokontrol mo ang frame ng ganito, ikaw ang media maker. May kapangyarihan kang magpasya kung alin ang nasa loob at kung alin ang nasa labas ng frame. Ang mga napagpapasyahan mong iwan sa labas ng frame ay nariryan pa rin sa tunay na buhay, ngunit hindi na ito makikita pa ng mga taong nanonood o nakatingin sa media mo.

2. Ipapasok, o ilalabas?

Kunin ang **Ano ang nasa frame** handout at tingnan ang larawan 1A. Sa iyong palagay, ano 'yang tinitingnan mo? Paano mo ito nalaman? Ngayon, tingnan ang larawan 1B. Paano nakatulong ang dagdag na impormasyon na ito para malaman kung ano 'yang tinitingnan mo?

Subukan sa 2A. Sa iyong palagay, ano iyang nag-iiwan ng anino? Ano ang iyong katibayan? Nagbibigay ng dagdag na impormasyon ang 2B. Tama ba ang naging hula mo?

3. Sobrang Impormasyon (Too Much Information - TMI)

Hindi dapat laging tinatanggap ang labis na impormasyon. Minsan, ginugulo pa tayo nito sa pagnamnam at intindi sa nasa loob na mas maliit na frame. Paki tingnan ang halimbawa #3 sa worksheet.

Minsan, masayang makita kung paano ginagawa ang ilang mga bagay. Ngunit isipin mo, paano kung habang nanonood ka ng pelikula, hindi lang iyong nasa loob ng frame ang nakikita mo - nakikita mo rin ang mga kamera, mikropono, ang mga crew, ang mga nasa dulo ng set? Sa palagay mo ba, magugustuhan mo ang kwento?

4. Mamili ka

Sa tuwing may ibinabahagi ka online, gumagawa ka ng media. At kagaya ng mga gumagawa ng pelikula, ikaw ang namimili kung ano ang makikita ng mga tao - kung alin ang nasa loob ng frame, at kung alin ang nakatago, yaong nasa labas ng frame.

Mga natutunan

Bilang isang media maker, naglalagay ka ng "frame" sa paligid ng ibinabahagi mo online. Yaong mga nakikita lamang ng mga tao ay yaong mga nais mo ipakita. Lagi itong tatandaan sa tuwing nagbabahagi ka ng kahit na ano sa Internet, at ugaliing siguraduhin na ang lahat ng iyong personal at pribadong impormasyon ay laging nasa labas ng "frame".

Ano ang nasa frame?




1A




1B



2A



2B



3A



3B

Interland: Mindful Mountain

Sa mabundok na nayon ng Interland, ang lahat ng tao ay nagkikita-kita at nakikipaghalubilo. Dapat, laging alisto kung ano lamang at kung kanino mo ibabahagi ang mga bagay-bagay. Napakabilis kumalat ang impormasyon, at alam mo namang maraming chismosa sa mga Internaut.

Magbukas ng web browser at pumunta sa g.co/MindfulMountain.


Mga Paksa ng Talakayan



Paglaruin ang mga mag-aaral ng Mindful Mountain at gamitin ang mga sumusunod na tanong upang palawakin ang pag-uusap hinggil sa mga natutunan nila sa laro. Karamihan sa kanila'y lubos na natututo sa paglalaro ng mag-isa, pero kung nanaisin, maaari nyo rin silang paglaruin ng magkapares. Maaaring makatulong ito para sa mga mas nakababatang mag-aaral.

- Sa mga post na ibinahagi mo sa laro, alin yaong sa palagay mo ay madalas mo ring ibinabahagi sa tunay na buhay? Bakit?
- Magkwento ng pangyayari kung saan may nasabi ka na hindi mo dapat ipinagsabi.
- Sa palagay mo, bakit oversharer ang tawag sa tauhan sa Mindful Mountain?
- Ilarawan ang oversharer. Ano yung mga gawain niya na naka-apekto sa laro?
- Nabago ba ng paglalaro ng Mindful Mountain ang pananaw nyo sa kung paano kayo magbabahagi sa iba mula ngayon?
- Magbigay ng isang bagay na babaguhin mo batay sa ating napag-aralan at sa ating naging laro.
- Magbigay ng isang halimbawa: anong masama ang pwedeng mangyari kung ipagkalat mo sa lahat ang isang bagay imbis na ibahagi mo lamang ito sa iyong mga kaibigan?
- Anong mga hakbang ang maaari mong gawin kung sakaling meron kang naibahagi na lubos na personal? Eh paano kung may maibahagi sa iyo ang iyong kapwa na lubos na personal?

[illegible]



Huwag Magpaloko sa Peke

Iwasan ang Phishing at Mga Scam

Pangkalahatang Nilalaman ng Aralin

Gawain 1: **Huwag Mahulog sa Phishing**
Gawain 2: **Sino Ka Bang Talaga?**
Gawain 3: **Tungkol sa mga Bots**
Gawain 4: **Totoo Nga Ba Iyon?**
Gawain 5: **Pagtukoy sa mga Maling impormasyon Online**
Gawain 6: **Interland: Reality River**

Mga Tema

Mahalagang maintindihan ng mga bata na ang mga impormasyong makikita nila online ay hindi palaging totoo o maasahan at maaaring maging paraan upang manakaw ang kanilang impormasyon o pagkakakilanlan. Ang phishing at iba pang mga online scam ay ginawa upang hikayatin ang mga gumagamit ng internet, anuman ang edad, na tumugon sa mga alok ng hindi kakilala at minsan mula sa mga taong nagkukunwari na kakilala nila.

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral

- ✓ **Maunawaan** na hindi lahat ng makikita online ay totoo.
- ✓ **Matutunan** kung paano nakapanloloko ang phishing, bakit ito makakasama, at ano ang maaaring gawing mga hakbang upang maiwasan ito.
- ✓ **Matukoy** kung lehitimo ang website at iba pang mga impormasyon at maging mapanuri sa mga pagbabago, walang kabuluhang mga pahayag, mga pekeng alok o premyo, at iba pang online scam.

Mga Pamantayang Natugunan

ISTE Standards for Educators: 1a, 2c, 3b, 3c, 4b, 5a, 6a, 6d, 7a
ISTE Standards for Students 2016: 1c, 1d, 2b, 2d, 3b, 3d, 7b, 7c
AASL Learning Standards: I.b.1, I.c.1, I.c.2, I.c.3, I.d.3, I.d.4, II.a.1, II.a.2, II.b.1, II.b.2, II.b.3, II.c.1, II.c.2, II.d.1, II.d.2., III.a.1, III.a.2, III.a.3, III.b.1, III.c.1, III.c.2, III.d.1, III.d.2, IV.a.1, IV.a.2, IV.b.3, V.a.2, VI.a.1, VI.a.2, VI.a.3

Bokabularyo para sa Huwag Magpaloko sa Peke

Bot: Tinatawag din na "chatbot" o "virtual assistant," ito ay isang software na ginagamit online o sa isang network upang sagutin ang mga katanungan, sumunod sa mga utos (gaya ng pagbibigay ng direksyon papunta sa bahay ng iyong bagong kaibigan), o gumawa ng simpleng gawain (gaya ng pagpapatugtog ng isang kanta)

Phishing: Isang pagtatangka na ma-scam ka o lokohin ka upang ibigay ang iyong log-in na impormasyon o iba pang personal na impormasyon online. Ang phishing ay karaniwang ginagawa sa pamamagitan ng email, ad, o site na kamukha ng mga site na kalimitan mong binibisita.

Spearphishing: Isang phishing scam kung saan ang attacker ay lolokohin ka gamit ang ilan sa iyong mga personal na impormasyon

Scam: Ang pagtatangkang manloko ng tao para kumita ng pera o makamit isang bagay na may halaga

Trustworthy: Mapagkakatiwalaan na gagawin ang tama o kinakailangan.

Authentic: Totoo o tunay; hindi peke o kopya

Verifiable: Bagay na maaaring mapatunayan na totoo o tama

Deceptive: Hindi totoo; isang aksyon o mensahe na nilikha upang lokohin o linlangin ang isang tao

Manipulation: Ang pag-kontrol o pag-impluwensya sa ibang tao o sitwasyon nang hindi patas, hindi tapat, o may pagbabanta. Sa kabilang banda, maaari rin na ang mga bagay na makikita online ay minanipula, gaya ng mga litrato na binago, upang paniwalaan mo ang isang bagay na hindi totoo

Fraudulent: Pagloko sa isang tao para makuha ang isang mahalagang bagay sa kanya.

Firewall: Isang program na panangga sa karamihang mga scam at panloloko

Malicious: Mga salita o gawaing sinasadya upang maging mapanakit o maging masama. maaari rin tumutukoy sa mga nakakasamang software na nakakasira ng iyong personal device, account o personal na impormasyon.

Catfishing: Ang paggawa ng pekeng pagkatao o account sa social networking service upang maloko ang mga tao na ibigay ang kanilang personal na impormasyon o papaniwalain sila na kumakausap sila ng totoong tao sa likod ng lehitimong account, profile o page

Clickbait: Ang pagmamanipla ng mga online content, post o ad para makuha ang atensyon ng mga tao at ma-engganyo silang i-click ang link o webpage. Ito ay kadalasang ginagawa para dumami ang mga view o site traffic para kumita ng pera

Vlogger: Isang tao na kilala sa regular na pagpo-post ng maiikling mga video sa blog o social media

Source: Isang tao o bagay na pinagmulan ng impormasyon

Credible: Kapanipaniwala; ang tao na kapanipaniwala ay gumagamit ng ebidensya para patunayan ang isang bagay

Evidence: Mga katotohanan o halimbawa na nagpapatunay na ang isang bagay ay totoo o hindi

Expertise: Natatanging kasanayan o kaalaman tungkol sa isang bagay; ang mga eksperto ay dalubhasa sa isang bagay

Motive: Ang dahilan kung bakit ginagawa ang isang bagay; intensyon

Deceptive news: Balita na sadyang ginawa upang magsinungaling o baluktutin ang katotohanan

Front Group: Isang grupo na nagkukunwari upang protektahan ang tunay na mga tao sa likod ng grupo

Disinformation: Impormasyon na walang katotohanan o ginawa upang mapanlinlang

Skeptical: Pagiging handang usigin ang mga iginigiit na katotohanan

Huwag Mahulog sa Phishing!

Maglalaro ang mga estudyante kung saan aaralin nila ang mga email at text at susubukan nilang tukuyin ang mga lehitimong mensahe at alin ang mga phishing scam.

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral



- ✓ **Aralin** ang mga paraang ginagamit ng mga tao upang manakaw ang mga pagkakakilanlan
- ✓ **Suriin** ang mga paraan kung paano maiwasan ang identity theft
- ✓ **Alamin** na maaari silang kumausap ng pinagkakatiwalaang nakatatanda kung sa tingin nila sila ay naging biktima ng identity theft
- ✓ **Kilalanin** ang mga senyales ng phishing
- ✓ **Pag-iingat** kung paano at kanino nila ibinabahagi ang personal na impormasyon

Usap tayo



Ano nga ba ang phishing?

Ang phishing ay ang pagkakataon kung saan susubukang nakawin ang impormasyon gaya ng iyong log-in o mga detalye ng iyong account sa pamamagitan ng pagkukunwari na siya ay kakilala't pinagkakatiwalaan mo sa email, text o iba pang komunikasyon online. Phishing emails -- at ang mga delikadong sites na gusto nilang puntahan mo o mga attachment na gusto nilang buksan mo -- ay maaaring maglagay ng mga virus sa computer mo. May mga virus na gumagamit ng contact list para ma-target ang mga kaibigan at pamilya mo gamit ang pareho o mas pampersonal na phishing attack. Ang ibang uri ng scam ay maaaring lokohin ka na magdownload ng malware o hindi kanais-nais na software sa pamamagitan ng pagsabi na may problema ang device mo.

Tandaan: Ang website o ad ay hindi kayang malaman kung may problema ang makina mo!

Ang ibang phishing attack ay mahahalata na peke. Ang iba naman ay maaring maging kapani-paniwala -- gaya ng pagpapadala ng scammer sa iyo ng mensahe na may kasamang mga personal na impormasyon mo. Ang tawag dun ay spearphishing at mahirap matukoy dahil sa paggamit ng impormasyon mo, nagmumukhang kakilala ka nga nila.

Bago mag-click ng link o magpasok ng password sa isang website na hindi mo pa napupuntahan, mainam na tanungin ang sarili tungkol sa email o webpage. Ito ang iilan sa mga tanong:

- Mukha ba itong propesyonal gaya ng ibang website na alam mo at pinagkakatiwalaan, na may logo ng produkto o kumpanya at may nilalaman na walang pagkakamali sa pagbabaybay?
- Ang URL ba ay nagsisimula sa <https://> na may maliit na icon ng berdeng padlock sa kaliwa nito? (Ibig sabihin ang connection ay ligtas.)
- May mga spammy pop-ups ba?
- Nagsisimula ba ang URL sa "<https://>" at may maliit na berdeng padlock sa gilid? (Ibig sabihin nito ligtas ang koneksyon.)
- Ano ang fine print? (Doon kadalasan matutuklasan ang panloloko.)
- Nag-aalok ba ng bagay na mahirap paniwalaan ang email o site, gaya ng pagkakataong kumita ng malaking halaga? (Kadalasan, ito ay masyadong maganda para maging totoo.)
- Kakaiba ba ang tunog ng mensahe? Parang kakilala ka nila pero hindi ka sigurado?

Paano kung na-scam ka? Ganito ang gawin mo: Huwag mag-panic!

- Sabihin kaagad ito sa iyong magulang, guro, o sa nakatatanda. Habang pinatatagal mo ang pagsusumbong, lalong lumalala ang sitwasyon.
- Palitan ang password ng iyong online account.
- Kung na-scam ka, sabihin kaagad ang mga kaibigan mo at mga tao sa iyong contact list, dahil maaaring sila naman ang susunod na target.
- Gamitin ang setting ng site o app para i-report ang mensahe bilang spam, kung maaari.

Gawain



Mga kakailanganin:

- Handout: "Mga Halimbawa ng Phishing" worksheet

Mga sagot sa "Mga Halimbawa ng Phishing" worksheet:

1. **Tunay.** Ang email na nagsasaad na kailangan pumunta sa website ng kumpanya at mag-sign in sa account imbes na magbigay ng link o hingin ang password (ang mga link ay maaaring magdala sa iyo sa mga malicious na website).
2. **Peke.** Kahina-hinala at hindi ligtas ang URL.
3. **Tunay.** Pansinin ang "https://" sa URL.
4. **Peke.** Kahina-hinalang alok kapalit ng iyong mga detalye sa banko.
5. **Peke.** Hindi ligtas at kahina-hinalang URL.

1. Mga halimbawa ng Group Study

Bumuo ng mga grupo. Bawat grupo ay aaralin ang mga halimbawang mensahe at website.

2. Bawat miyembro ay mamimili

Sabihin kung "tunay" o "peke" ang bawat halimbawa at ilista ang mga rason sa ibaba.

3. Tatalakayin ng grupo ang mga pinili

Ano sa mga halimbawa ang mapagkakatiwalaan at ano ang kahina-hinala? Nagulat ba kayo sa mga sagot? Kung oo, bakit?

4. Karagdagang talakayan

Narito ang ilang karagdagang mga tanong sa sarili habang sinusuri ang mga mensahe at site na makikita online:

• Mukha bang tama ang mensahe?

Ano ang iyong kutob? May napansin ka bang ilang kaduda-dudang bahagi? Nag-aalok ba ito na ayusin ang isang bagay na hindi mo alam na problema pala?

• Inaalok ka ba ng email ng bagay na libre?

Ang inaalok na libre ay kadalasang hindi talaga libre.

• Hinihingi ba ang iyong personal na impormasyon?

May ilang mga website na hinihingi ang iyong personal na impormasyon para mapadalhan ka nila ng mga scam. Halimbawa, ang mga pagsusulit o "personality test" ay maaaring kumukuha ng mga impormasyon para madali nila mahulaan ang password mo o ibang mga tinatagong impormasyon. Karamihan sa mga tunay na negosyo ay hindi humihingi ng personal na impormasyon gamit ang email.

• Chain email o social post ba?

Mga email at post na nagsasaad na ipapadala ang mensahe sa lahat ng kakilala ay maaaring ilagay ka at ang iba sa alanganin. Huwag mo gagawin maliban na lang kung ikaw ay sigurado sa pinagmulan at siguradong ligtas na ibahagi sa iba.

- **Mayroon ba itong "fine print"?**


Kadalasang makikita sa ibaba ng mga dokumento ang "fine print". Maliit ang text nito at naglalaman ng mga impormasyon na sadyang tinatago upang hindi mo malalaman. Halimbawa, may headline sa itaas na nagsasabing nanalo ka ng libreng telepono, pero sa "fine print" nito nakasulat na dapat kang magbayad sa kumpanya ng \$200 kada buwan.

Paalala: Para sa layunin ng pagsasanay, ipagpalagay na tunay at mapagkakatiwalaang serbisyo ang Internaut mail.

Mga Natutunan

Kapag online ka, maging maingat sa mga phishing attack sa iyong email, text, at mga ipino-post na mensahe-- kung ikaw ay naging biktima nito, siguraduhing ipaalam sa pinagkakatiwalaang nakatatanda.


Mga Halimbawa ng Phishing



1. Tunay o Peke?

Tunay


Peke



2. Tunay o Peke?

Tunay


Peke



3. Tunay o Peke?

Tunay


Peke



4. Tunay o Peke?

Tunay

Peke



5. Tunay o Peke?

Tunay

Peke

Sino Ka Bang Talaga?

Magsasanay ang mga mag-aaral ng kaalaman sa anti-phishing sa pamamagitan ng pag-arte -- at pagtalakay ng mga posibleng sagot -- ng kahina-hinalang mga online text, post, friend request, litrato, at email.

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral



- ✓ **Maunawaan** na ang mga tao online ay hindi laging tapat at maaaring nagpapanggap.
- ✓ **Siguraduhing** kakilala mo ang kausap bago sagutin.
- ✓ **Magtanong** o humingi ng tulong mula sa nakatatanda kung nahihirapan kang kilalanin ang isang tao.

Usap tayo



Paano mo malalaman kung ang taong online ay sila nga at hindi nagpapanggap?

Kapag kausap mo ang kaibigan mo sa telepono, makikilala mo sila sa boses nila, kahit na hindi mo sila nakikita. Iba naman pagdating sa mundong online. Minsan mahirap makasiguro kung nagpapanggap lang ang isang tao. Sa mga app at game, nagpapanggap ang iba bilang pagbibiro o kaya nama'y nanggugulo sa iba. Minsan, nagpapanggap sila para manakaw ang personal na impormasyon ng ibang tao. Kapag online ka sa Internet, may mga hindi ka kakilala na gustong makipag-kilala sa iyo. Ang pinakaligtas na gawin ay huwag sumagot o sabihan ang magulang o nakatatanda na hindi mo kilala ang nagpadala ng mensahe sa iyo. Ngunit kung sa tingin mo ligtas na sagutin ang mensahe, mainam na alamin mo muna ang tungkol sa kanila. I-check ang profile nila, tingnan kung sino mga kaibigan nila o mag-search ng iba pang impormasyon na magpapatunay na tunay sila.

Maraming paraan para mapatunayan kung tunay ang isang tao online. Ito ang iilan sa mga halimbawa bilang panimula.

Isang paalala para sa mga tagapagturo:

Mainam siguro na mamuno sa pagtalakay ng tanong na "Paano natin mapapatunayan ang pagkakakilanlan ng isang tao online?". Pagkatapos, ituloy ang usapan gamit ang mga tanong na ito.

• Kahina-hinala ba ang larawan sa profile?

Malabo ba ang larawan sa profile o mahirap makita? O wala talagang larawan, gaya ng bitmoji o mukha ng isang tauhan sa cartoon? Ang paggamit ng malalabong mga litrato, bitmojis, litrato ng mga alagang hayop, atbp. ay simpleng paraan upang itago ang pagkakakilanlan sa social media. Madalas rin ninanakaw ng mga scammer ang mga litrato ng mga tunay na tao para makagawa ng pekeng profile at sila ay makapagkunwari. Makakahanap ka pa ba ng ibang litrato niya na nauugnay sa pangalan niya?

• Ang username ba nila ay naglalaman ng kanilang tunay na pangalan?

Sa social media, bilang halimbawa, tumutugma ba ang screen name sa tunay na pangalan nila? (Halimbawa, ang profile ni Jane Doe ay may URL na katulad ng SocialMedia.com/jane_doe.)

- **May profile bio ba sila?**

Kung oo, mukha ba itong ginagawa ng totoong tao? Ang mga pekeng account kadalasan ay wala masyadong impormasyon sa ""About Me"" o kaya nama'y may mga impormasyon ngunit kinopya lamang o binuo para sa pekeng profile. May mga impormasyon ba sa bio na maaari mong makumpirma sa pamamagitan ng pagsasaliksik online?

- **Gaano na katagal ang account? Ang mga activity na nasa profile ba ay tumutugma sa iyong inaasahan?**

Bago ba ang profile o makikitang aktibo ito? Marami ba kayong "mutual friends" gaya ng iyong inaasahan? Kadalasan wala masyadong laman ang mga pekeng account o mga tao na nagpo-post, comment, at nakikihalubilo.

Gawain



Mga kakailanganin:

- Kopya ng "Sino Ka Nga Ba Talaga?" worksheet na ginupit-gupit, na may isang sitwayson bawat piraso ng papel
- Isang mangkok o lalagyan ng piraso ng mga papel (na pagkukunan ng bawat grupo ng mga mag-aaral)
- Phishing cheat sheet

Mga natutunan

1. Susuriin ng grupo ang sitwasyon

Bumuo ng mga grupo. Ang bawat grupo ay bubunot ng papel na may nilalamang sitwasyon mula sa lalagyan at pag-uusapan ng bawat miyembro paano matutugunan ang sitwasyong napili.

2. I-arte ng grupo ang sitwasyon

Bawat grupo ay i-aarte ang nabunot na sitwasyon: may isang mag-aaral na magsasalaysay, may magsasadula ng mensahe, may taga-tugon, at may maaaring tagapag paliwanag.

3. Tatalakayin ng klase ang mga napili ng bawat grupo

Gamitin ang cheat sheet sa pagtalakay ng napili ng bawat grupo. Malayang isulat ang ibang mensahe na sa tingin nila ay makakadagdag sa usapan. Kung sila ay magdadagdag, kinakailangan nilang ibahagi sa ibang grupo ang mga ito.

May kakayahan kang piliin kung sino ang iyong kakausapin online. Basta siguraduhin mo na tapat at tunay ang iyong kakausapin.

Sino ka bang talaga?

Sitwasyon 1

May natanggap kang follow request mula sa taong hindi mo kilala.
"Hey! Mukhang masaya ka kasama. Tara! Follow mo ko. -- Rob"

Sitwasyon 2

May natanggap kang text message sa cellphone mo mula sa isang taong hindi mo kakilala.
"Hey, si Corey ito! Naaalala mo pa ba ko, nagkakilala tayo nung nakaraang summer?"

Sitwasyon 3

May natanggap kang mensahe mula sa taong hindi mo kilala.
"Hey! Nagustuhan ko yung post mo, nakakatawa ka! Ano number mo? Usap tayo!"

Sitwasyon 4

May natanggap kang chat mula sa hindi mo kakilala.
"Nakita kita kanina sa hall. CUTE MO! Ano address mo? Pwede ako pumunta sa inyo para tumambay."

Sitwasyon 5

May natanggap kang mensahe online.
"Hey! Kakakilala ko lang sa kaibigan mong si Sam! Nakwento ka niya sa akin, gusto kita makilala. Saan ka nakatira?"

Sino ka bang talaga?

Narito ang limang halimbawa ng mga mensaheng posibleng matanggap online o sa phone ninuman. Ang bawat isa ay may listahan ng mga posibleng tugon, ang ilang ay maganda ang iba naman ay hindi gaano. Suriin kung ang mga tugon ay tama ba – o kung may naiisip ka pang ibang tugon. Kung ang isa sa mga sitwasyong ito ay mangyari sa iyo at hindi mo alam ang magiging tugon mo, ang pinakamadaling tugon ay ang hindi pagbibigay ng iyong sagot. Pwede mo naman silang huwag pansinin o i-block. Makabubuti rin kung sasabihin mo ito sa iyong magulang o guro.

Sitwasyon 1

May natanggap kang mensahe mula sa taong hindi mo kilala:

"Hey! Mukhang masaya ka kasama. Tara! Add mo ko sa friends list mo. -- Rob." Ano ang gagawin mo?

- **Hindi papansinin si Rob.** Kung hindi mo siya kilala, maaaring hindi mo siya kausapin, tapos!
- **"Hi Rob! Magkakilala ba tayo?"** Kung hindi ka nakakasiguro, magtanong muna.
- **I-block si Rob.** Pagkatapos mo i-check kung sino siya at napagpasiyahang i-block siya, hindi ka na makakatanggap ng mga mensahe mula sa kanya. Sa karamihan ng social media platform, hindi nila malalaman na na-block sila.
- **Silipin ang profile ni Rob.** Maging maingat -- ang mga pekeng profile ay madaling gawin! Tingnan ang listahan ng kanyang mga "friend" sa social media at kung kanino pa siya konektado. Ang kanyang mga kaibigan ay isang basehan kung tunay na account o peke ang gamit niya -- lalo na kung wala kang kakilala sa mga kaibigan niya. Kung wala masyadong aktibidad sa social media page niya, ito rin ay isang senyales na peke ang profile.
- **I-add si Rob sa listahan ng mga "friends" mo.** KUNG sa iyong palagay ay okey siya. Hindi ito rinerekomenda, liban na lang kung napatunayan mo ito at pinakita mo na sa isang nakatatanda.
- **Ibigay ang iyong personal na impormasyon.** Huwag na huwag mong ibibigay ang iyong personal na impormasyon sa mga taong hindi mo kilala.

Sitwasyon 2

May natanggap kang text mula sa taong hindi mo kilala.

"Oy! si Corey ito! Tanda mo pa, nagkita tayo nung summer?" Ano ang gagawin mo?

- **I-block si Corey.** Parang medyo bastos na gawin ito lalo na kung kilala mo talaga si Corey. Pero kung hindi ka naman sigurado at wala ka namang Corey na na-meet nung summer o kung nagpapadala siya ng sobrang daming text at impormasyon tungkol sa kanya, mas makabubuti na i-block mo na lang siya.
- **Huwag pansinin si Corey.** Kung hindi mo kilala ang taong ito, kahit huwag ka na lang sumagot.
- **"Hi, Corey. Kilala ba kita?"** Magandang gawin ito kung hindi ka sigurado kung nagkita nga kayo at kung gusto mong malaman kung totoo nga. Pero huwag sabihin kay Corey kung saan ka nagpunta nung summer!
- **"Hindi kita maalala pero pwede tayong magkita minsan."** Hindi ito magandang ideya, hindi ka dapat makipagkita sa taong hindi mo kilala."

Sitwasyon 3

May natanggap kang direct message mula kay @soccergirl12, isang profile na hindi mo sinusundan, o "follow".

"Hey! Nagustuhan ko yung post mo, nakakatawa ka! Ano number mo? Usap tayo!" Ano ang gagawin mo?

- **Hindi papansinin si @soccergirl12.** Hindi mo kinakailangan sumagot kung ayaw mo.
- **I-block si @soccergirl12.** Kung sa tingin mo kakaiba siya at i-block mo siya, hindi ka na makakarinig mula sa kanila -- liban na lang kung sila ay gumawa uli ng panibagong pekeng profile at i-message ka.
- **"Hi! Kakilala ba kita?"** Kung hindi ka nakakasiguro, ugaliing magtanong muna bago ibahagi ang personal na impormasyon gaya ng iyong phone number.
- **"Okay, my number is..."** Huwag gawin! Kahit na mapatunayan mo kung sino talaga siya, hindi mo dapat ibigay ang personal na impormasyon sa social media. Humanap ng ibang paraan para makipag-usap, kung ito ay gagawin sa tulong ng mga magulang, guro o ibang mapagkakatiwalaang tao.

Sitwasyon 4

May natanggap kang chat mula sa taong hindi mo kakilala.

"Nakita kita kanina sa hall. CUTE MO! Ano address mo? Pwede ako pumunta sa inyo para tumambay." Ano ang gagawin mo?

- **Hindi papansinin.** Tamang desisyon.
- **I-block yung tao.** Huwag mag atubili kung hindi maganda pakiramdam mo sa tao.
- **"Sino ka?"** Marahil hindi tamang gawin. Kung kahina-hinala ang mensahe, mas mabuti siguro na huwag na sagutin o i-block na lang ito.
- **"Ikaw ba yan Lizi? CUTE MO rin! Nakatira ako sa 240 Circle Ct."** Hindi magandang ideya ito, kahit na kung sa tingin mo kilala mo ang taong nag-chat. Bago ibigay ang iyong bagong tirahan o kahit anong personal na impormasyon, kilalanin mabuti muna ang pagbibigyan, kahit na kung sa tingin mo kilala mo sila. Huwag na huwag kang makikipagkita ng personal sa taong nakilala mo lang online.

Sitwasyon 5

May natanggap kang mensahe:

"Hey! Kakikilala ko pa lang sa kaibigan mong si Sam! Na kwento ka niya sa akin, gusto kita makilala. Saan ka nakatira?" Ano ang gagawin mo?

- **Hindi papansinin.** Kung hindi mo kilala ang tao pero may kaibigan ka na pangalan ay Sam, ang mainam na gawin ay tanungin muna si Sam bago sumagot sa mensahe.
- **I-block.** Kung hindi mo kilala ang tao at wala kang kaibigan na pangalan ay Sam, mainam na gamitin ang iyong settings para i-block ang taong nagpadala ng mensahe.
- **"Sino ka?"** Marahil ay hindi magandang ideya. Kung hindi mo kilala ang tao, mas mainam na huwag sagutin, habang hinihintay ang sagot mula kay Sam.

Tungkol sa mga bots

Sa panahon ngayon, parami ng parami ang mga "non-human voices" na nakakahalubilo ng mga mag-aaral ngayon sa kanilang devices, apps, at sites -- kadalasan sa bahay ngunit dumadami na rin sa paaralan. Minsan sila ay tinatawag na "chatbots," minsan "virtual assistants," kadalasan "bots" lang. Ito ay simpleng Q&A na gawain para sama-samang pag-usapan ng klase ang paggamit ng mga bots.

Paalala: Subukang huwag limitahan ang usapan; ang gawaing ito ay nilikha para magkaroon ng kritikal na pag-iisip ang mga bata at hindi para magbigay ng mga konklusyon.

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral



- ✓ **Matutunan** ang "interactive technology" na mas madalas na ginagamit ng mga mag-aaral sa kanilang buhay.
- ✓ **Alamin** ang mga karanasan sa mga iba't ibang uri ng bots.
- ✓ **Suriin** ang epekto ng mga teknolohiyang tulad nito sa ating pang-araw-araw na buhay -- positibo man o negatibo.

Usap Tayo



Parami ng parami ang mga taong gumagamit ng bots ngayon. Narinig na ba ninyo ang salitang iyon? Tawag ng ibang tao sa kanila ay "chatbots" or "virtual assistants." Maraming gamit sa kanila: paglalaro ng games, pagche-check ng panahon, pagsagot sa mga tanong, pagtatanong ng direksyon, pag-alerto kapag ubos na ang oras, atbp. Minsan may pantaong pangalan sila, kadalasan ang pangalan nila ay nagpapahiwatig ng kanilang kayang gawin gaya ng Dog A Day, isang bot na nagpapadala ng litrato ng aso araw-araw. Ang bots ay nasa mobile devices, online, sa mga kotse o kaya naman ay mga espesyal na mga device na nasa iba't-ibang mga kwarto ng bahay. Pag-usapan natin ang mga karanasan ng klase sa mga bots bilang panimulang talakayan.

Ito ang ilang mga katanungan na maaaring pag-isipan:

- Alam mo ba kung ano ang bot?
- Ilan sa inyo ang nakipag-usap na sa isang bot? Sa anong device?
- Sino ang gusto magsalaysay ng karanasan nila?
- Saan sa tingin ninyo nababagay ang bots (halimbawa: Humingi ng ulat sa panahon, alamin ang mga bagong balita, maglaro ng online game, magtanong ng impormasyon)?
- Ang bots ay gumagamit ng "AI" o "artificial intelligence". Natututo ang AI base sa mga tinatanong mo sa kanya para maging mas mahusay ito sa pagtulong sa iyo. Para magawa ito, nakakaalala ang mga bots, o rine-record kung ano ang iyong sinasabi o tinatanong. Napapaisip ka na ba sa mga sasabihin mo sa bot? Kung oo, ano ang sasabihin mo at anong klaseng impormasyon ang itatago mo sa sarili?
- Sa tingin mo ba parang may kausap kang tao? Paano ito maiihalintulad sa pakikipag-usap sa tunay na tao at paanong hindi?
- Paano ginagamit ng mga kakilala mo ang bots?
- Paano mo kakausapin ang bot? Magalang ka ba o minsan ay sinisigawan mo ito?
- Okay lang ba na sigawan ng mga tao ang bots? Bakit oo o hindi? (Para ba itong paghahanda sa isang uri ng interaksyon?)
- Minsan akala ng mga maliliit na mga bata na totoo ang bots. Ano ang sasabihin mo sa iyong nakababatang kapatid na babae, lalake o pinsan para maintindihan nila ang kausap nila?

- Kung ang mga bot ay maaaring matuto sa mga tao, may naiisip ka bang hindi dapat sabihin sa mga bots para maiwasang malaman nila ang mga ito? (Pahiwatig: Tandaan ang mga ginawa sa "Mag-ingat sa Ibabahagi" at pag-usapan kung paano sila nakaka-relate dito.)
- Posible bang uriin ang impormasyon bilang "mabuti o masama" o "tunay o peke"? Paano natin sasagutan ang mga katanungang ito?

Gawain



Pagkatapos ng talakayan, bilang isang klase o bawat grupo, gamit ang classroom devices, humanap ng mga imahe ng mga bots at impormasyon (kasama na ang mga balita) tungkol sa kanila. Ang mga termino na maaaring gamitin ay "bots," "chatbots," "digital assistants," o "virtual assistants." Pagdesisyunan bilang klase kung ang impormasyon na matutuklasan ay tama. Papiliin ng isang artikulo ang bawat mag-aaral na kailangan nilang basahin kasama ang kanilang mga magulang at sumulat ng isang talatang buod nito.

Mga natutunan

Ang pagiging mapanuri ay ang isa sa pinakamainam at pangmatagalang "tool" na mayroon tayo upang mapanatiling positibo ang ating mga teknolohiya -- at ang maganda dito, ito ay "tool" na mas humuhusay sa tuwing ginagamit ito. Ang pagtalakay nito bilang isang klase o grupo ay epektibo at masayang pamamaraan ng paggamit at pagpapabuti ng "tool" na ito.

Totoo nga ba iyon?

Isang paalala para sa mga tagapagturo:

Kasama ng mapanuring mga tanong mula sa mga mag-aaral upang masuri ang katunayan ng pinagmulan ng impormasyon, gusto rin natin na maintindihan nila na ang impormasyon ay may iba't ibang pinagmumulan (hindi lang sa mga aklat). Kaya kailangan nila magamit ito sa kahit anong uri ng media. Kapag nakamit na nila iyon, handa na silang magsuri ng mga espesyal na kategorya ng media gaya ng mga balita o datos mula sa siyensya.

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral



- ✓ **Alamin** ang mga "tool" na ginagamit upang malaman kung ang impormasyon ay **tunay at kapani-paniwala**.
- ✓ **Pag-isipan** kung paano naaapektuhan ng **motibo** o ng pagiging **dalubhasa** ang kredibilidad.
- ✓ **Aralin** ang 4 na tanong na susuri sa kredibilidad ng pinagmulan ng impormasyon.
- ✓ **Maunawaan** na ang pinagmulan ng impormasyon na kapani-paniwala tungkol sa isang paksa ay hindi palaging tiyak na mapagkakatiwalaan sa ibang paksa.
- ✓ **Matutunan** na kadalasang nakakatulong ang pagtingin sa iba't ibang pinagmulan ng impormasyon upang malaman kung ang impormasyon ay tunay.

Usap Tayo



Paano nagiging tunay o mapagkakatiwalaan ang isang bagay o tao?

Araw-araw gumagawa ka ng mga desisyon tungkol sa iyong pinaniniwalaan at hindi pinaniniwalaan. Ang napanood mo bang video ay tunay o peke? Nagsasabi ba ng totoo ang nakakatanda mong kapatid o nang-aasar lang? Totoo ba ang narinig mong balita sa kaibigan mo?

Ano ang ginagawa mo para masuri kung ang isang tao ay nagsasabi ng totoo? Ginagamit mo na ba ang mga ito?:

• Ang alam mo tungkol sa isang tao

Halimbawa, alam mo kung ang kaklase mo ay magaling sa isang bagay o kilala sa pagiging tapat o mahilig manloko o masama, kaya maaari mong masabi kung kailan sila seryoso, nagbibiro o nagsisinungaling.

• Ang alam ng iba tungkol sa iyo

Halimbawa, alam ng magulang mo kung sa aling pagkain sumasakit ang tiyan mo, kaya sinusunod mo ang payo nila sa dapat mong kainin. Alam ng librarian sa paaralan mo ang hilig mo at anong uri ng mga libro ang gusto mong basahin, kaya pinakikinggan mo ang mga rekomendasyon niya sa mga librong babasahin.

• Tono ng boses at itsura ng mukha

Halimbawa, alam mong kabaliktaran ang sinasabi ng kaibigan mo kapag rumorolyo ang mga mata niya at masungit ang ugali habang kinuwento niya na hindi siya nasiyahan sa bagong skate park.

• Ang kalagayan

Halimbawa, kapag naglalaro ang mga kaibigan mo at inasar ka ng isa tungkol sa bago mong gupit, alam mong nagbibiro lang siya. Ngunit kapag tinukso ka ng iba sa harap ng buong klase, alam mong gusto ka nilang mapahiya at mainsulto.

Kapag may narinig mula sa media source gaya ng isang video, tao na nasa TV o website, hindi natin personal na kakilala ang source at hindi rin nila tayo kilala. Hindi tayo nakakasiguro sa kanila at kung paniniwalaan natin sila.

Kahit na padalhan tayo ng kakilala natin ng isang text, wala itong mga pahiwatig ng kanilang mga reaksiyon o tono ng boses, kaya hindi tayo makakasigurado sa ibig nilang sabihin. Ito ang mga halimbawa kung kailan tayo dapat magtanong...

Gawain



Mga kakailanganin:

- Handout: "Pagpasya Kung Ano ang Kapani-paniwala"

1. Pagsusuri sa mga source o pinagmumulan

Kung gusto mo ng rekomendasyon sa isang magandang video game, tatanungin mo ba ang lola mo? O, para maiba ang pagtatanong, **mapagkakatiwalaang** source ba ang lola mo para sa impormasyon sa video games? Ang source na **mapagkakatiwalaan** ay maaasahan nating magbibigay ng tiyak at mahalagang impormasyon.

Gumawa ng pros (bentahe) at cons (disadbentahe) na listahan gaya ng sa ibaba upang maipaliwanag ang maganda at masamang epekto ng pagtanong sa lola mo tungkol sa video game.

PRO	CON
Mahal ako ng aking lola at gusto niya akong maging masaya	Hindi naglalaro si lola ng mga video game at wala siya masyadong alam tungkol dito
Magaling si lola sa paghahanap ng impormasyon kapag hindi niya mismo alam ang sagot	Hindi alam ni lola ang mga laro na mayroon ako o kung anu-anong klase ng mga laro ang gusto ko

Kung ang listahan mo ay katulad ng nasa taas, kakagamit mo lang ng dalawa sa kadalasang gamit sa pagsusuri kung ang source ay mapagkakatiwalaan: motibo at pagkadalubhasa. "Pagkadalubhasa" ay natatanging talento o kaalaman sa isang bagay; ang mga dalubhasa ay may pagkadalubhasa sa isang bagay. "Motibo" ay ang pakay ng isang tao, ang dahilan kung bakit nila sinasabi o ginagawa ang isang bagay.

Alin sa mga nakalista ang nagbibigay ng impormasyon tungkol sa motibo ng lola mo? Alin sa listahan ang nagsasabi tungkol sa kanyang pagkadalubhasa? Masasabi mo ba na ang iyong lola na nasa chart ng pros/ cons ay mapagkakatiwalaang source pagdating sa impormasyon kung anong bagong video game ang dapat mong kunin? Hindi siya magsisinungaling, ngunit mas mainam na magtanong sa tao na may malasakit sa atin at may alam tungkol sa gaming at mga games na gusto natin.

Maaaring alam rin natin na ang iyong tatay ay magaling na kusinero pero walang alam tungkol sa fashion, ang tagapagsanay natin ay may alam sa basketball pero wala sa gymnastics, o maaayos ng lola mo ang kahit anong laruan pero walang alam sa video games. **Ang pagkadalubhasa ng isang tao sa isang bagay ay hindi ibig sabihin na siya ay dalubhasa sa lahat ng bagay.**

2. Gumawa ng sariling listahan ng pros at cons

Kung ito ang unang pagkakataon na naisip mong gamitin ang **motibo** at **pagkadalubhasa** sa pagsusuri kung ang mga source ng impormasyon ay tunay, marahil ay dapat ka pa magsanay.

Ipagpalagay mo na gusto mo maging mas mahusay na manlalaro ng soccer. Gumawa ng listahan ng pro/con para sa mga pagpipilian upang masuri kung ito ba ay mga tunay na mga source:

- ang iyong lola
- isang blog ng nanalong high school basketball coach
- ang pinakamagaling na player sa iyong kuponan
- isang website na nagbebenta ng soccer shoes at nagbibigay ng payo
- videos na nagtuturo ng pagsasanay ng soccer techniques

Ano ang napansin mong kalakasan at kahinaan ng bawat source?

- Mayroon bang marunong magturo ngunit hindi maalam sa mga kasanayan sa soccer?
- Mayroon bang eksperto sa soccer subalit hindi marunong magturo?
- Mayroon bang ang payo ay laging may kasama na bumili ng bagay mula sa kanila?
- Mayroon bang alam ang soccer ngunit hindi ka kilala o alam ang mga kasanayan na kailangan mo pang pagbutihan?

Talakayan: Sino ang magandang source na pwedeng puntahan at bakit?

Ang **kredibilidad** ay madalang na all-or-nothing na desisyon. Karamihan sa mga source ay may kalakasan at kahinaan. Kaya kadalasan ang **pinakamagandang sagot ay nagmumula sa pagtatanong sa iba't-ibang mga source** at pagkumpara ng kanilang mga sagot. Ang **kredibilidad** ay hindi basta sa kung sino ang ating pinaniniwalaan. Ito rin ay tungkol sa ating paniniwala. Nakakakuha tayo ng mga ideya tungkol sa mundo mula sa iba't ibang mga lugar, hindi lang mula sa mga tao. Ang isang pelikula tungkol sa tsunami ay nagpapakita ng higitang alon -- mas mataas pa sa napakataas na gusali -- papunta sa mga tao sa baybayin. Ganoon ba talaga ang itsura ng tsunami? Ang isang ad ay nagpapahiwatig na karamihan sa mga scientist ay mga lalaki na may magugulong buhok at laging may suot na makakapal na salamin at puting lab coat. Totoo ba ito?

3. Mga hakbang na dapat pag-isipan

Maaari nating masigurado ang source gamit ang Tatlong Hakbang sa **Pagpasya Kung Ano ang Kapani-paniwala** na handout. Ang laman nito ay tungkol sa mga naaral natin tungkol sa motibo at pagkadalubhasa.

4. I-check ang mga source

Tayo'y magsanay. Pumili ng isang tanong na kaugnay sa pinag-uusapan ninyo sa klase o nakita online. Humanap ng source na sumasagot sa iyong tanong. Bumuo ng maliit na grupo at gamitin ang mga katanungan sa handout para malaman kung ang source na nahanap mo ay kapani-paniwala.

Halimbawa:

- Kailangan mo mag-isip ng regalo para sa iyong kaibigan. May ad kang nakita na nagsasabi na ang kanilang search tool, na naglalaman ng lahat ng binebenta ng kanilang tindahan, ay matutulungan ka na maghanap ng regalo kahit kanino na nasa listahan mo. Mainam ba sa iyo yun?
- May binabasa kang online review tungkol sa bagong kainan ng pizza at napansin mo na ang tatlo sa anim na 5-star reviews ay nagmumula sa mga tao na ang apelyido ay pareho ng pangalan ng restawran. Dalawa ang nagsasabi na dito matatagpuan ang pinakamasarap na pizza sa planeta at isa ay nagsasabi na hindi na masama para sa mura na slice. Mayroong 14 na negatibong komento rin. Makukumbinsi ka ba ng positibong reviews na subukan ang pizza?
- May isang pop up ad na nagsasabi na ikaw ay kasama sa isang maliit na grupo na napiling subukan ang "mermaid pill" na bibigyan ka ng kakayahan na huminga sa ilalim ng tubig ng walang gamit na scuba gear. Ang kailangan mo lang gawin ay magpadala ng \$9.99 para sa shipping. Gagawin mo ba ito?
- Marami sa mga video ng isang sikat na vlogger ay gusto mo dahil nakakatawa ang mga ito. Ngunit naglalaman rin ang mga ito ng mga nakakasakit na mga salita tungkol sa iba't ibang grupo ng mga tao. Paniniwalaan mo ba ang mga ito dahil ang mga video ay nakakatawa at sikat sa ibang mga tao? Sa tingin mo ba nakakaimpluwensya ito sa mga tao?

Mga Natutunan

Ang mga tanong ay iyong mga kaibigan. Kapag maganda ang iyong tanong sa isang source at ang impormasyon na nilalaman nito, makakakuha ka ng mas magandang impormasyon. Kung mas marami ang mga source na gagamitin mo, mas mabuti. At tandaan, ang isang magandang source para sa isang paksa ay hindi ibig sabihin na mainam para sa lahat.

Pagpasya Kung Ano ang Kapani-paniwala

Mga hakbang upang malaman ang pagkakaiba ng kapani-paniwala na source mula sa hindi.

Hakbang 1

Gumamit ng common sense

Ito ba ay may katwiran? May saysay ba ito?

- Kung a) ang iyong nakikita ay walang saysay, b) alam mo na hindi ito totoo ayon sa iyong karanasan o c) hindi ito sumasang-ayon sa mga katotohanan na alam mo tungkol dito, hindi mo na kinakailangang gumawa pa ng ibang hakbang. Hindi kapani-paniwala ang source na nakikita mo.

Hakbang 2

Magtanong

Hindi lang basta kahit anong tanong, dapat itong apat na ito:

Pagkadalubhasa

1. Kilala ba ako o may pakialam ba ito sa akin (at mahalaga ba iyon)?
 - Ang sagot sa tanong na ito ay nakasalalay sa impormasyon na iyong tinitignan. Kung sinusuri mo ang impormasyon tungkol sa mga plastik na bote na lalagyan ng tubig na kumakalat sa karagatan, hindi na mahalaga kung kilala ka ng source o hindi. Ngunit kung ang isang website ay nangako na magugustuhan mo ang kanilang bagong laruan, kinakailangan nilang malaman ang mga uri ng laruan, games o mga gawain na gusto mo upang maging kapani-paniwala ang kanilang pangako.
2. Maalam ba sa paksa ang source? Paano nila nalaman ang kanilang sinasabi?
 - May mga taong naniniwala na ang pinakamadaling paraan para makahanap ng kapani-paniwalang impormasyon ay sa pamamagitan ng pagtanong sa digital voice assistant. Parang alam ng mga digital assistant ang lahat! Naisip mo ba kung paano nila nalalaman ang mga sagot? Gumagamit sila ng mathematical calculations (tinatawag na mga "algorithm") para makahanap ng sagot.
 - Para sa mga simpleng tanong na may isang posibleng sagot lang (katulad ng temperatura sa labas o pangalan ng kilalang tao na kumanta ng isang pop song), kadalasan sila ay credible source. Ngunit kung ang tanong ay komplikado, mainam na magsimula sa mga tao o grupo na may karanasan na o nakatanggap ng gantimpala o may mga PhD kaugnay sa paksa. Saka ka pa lang maaaring gumamit ng voice assistant para masiguro na tunay ang impormasyon (tignan ang Hakbang 3 sa pahina 49).

Motibo

3. Ano ang gustong ipagawa o ipapaniwala ng source at bakit nila gusto iyon?
 - Magkakaroon ba ng pera ang source kapag sinunod mo ito? Halimbawa, sa tingin mo ba kumikita ang isang influencer kung bibilhin mo ang isang produkto na suot nila o pinag-uusapan? Ang isang propesyonal na atleta ba ay may suot na sapatos o damit na may tatak dahil gusto niya ito o dahil binabayaran siya para pag-usapan ito?

- Pera ang isa sa mga dahilan kung bakit minsan may nakakita kang logo o tatak sa isang video o ad -- nakakaapekto ito sa sinasabi (at hindi sinasabi) ng isang influencer o atleta. Wala man silang balak na saktan ka, ngunit posible na ang kumita ng pera ay mas mahalaga para sa kanila kasya ibigay nila ang lahat ng impormasyon na kailangan mo o sabihin nila ang mabuti para sa iyo.

4. Sino ang nakikinabang at sino ang maaaring masaktan kung maniwala ang mga tao sa source? Hindi ito madaling masabi. Ito ang isang halimbawa:

Ipagpalagay na ang isang ad para sa isang app ay nangangako na gagawin kang mas mahusay na mag-aaral.

- Ano ang posibleng mga epekto nito? Ang gumawa ng app ang makikinabang kung bibilhin mo ang app dahil kikita sila ng pera. At maaari ka ring makinabang kung totoong matutulungan ka ng app.
- Sino ang maaaring masaktan kung maniwala ka sa ad? Baka sayangin mo lang iyong pera kung bibilhin mo ang app. Maaari rin na nagsasayang ka ng oras sa pag-aaral ng maling paksa at lalo kang bumagsak sa paaralan. O di kaya nama'y umasa ka sa app, na maaaring manghula lang ng kailangan mo, imbis na humingi ka ng tulong mula sa iyong guro na nakakaalam kung ano talaga ang kailangan mo.

Hakbang 3

Patunayan

Ang ibang mga credible source ba ay sinusuportahan ang sinasabi ng source na ito? Hindi lang ang pag-check ng mga source ang kailangang gawin. Kailangan rin na maghanap ng iba pang mga source. Kung wala kang mahanap na ibang mga source na sumasang-ayon sa source na iyong tinitignan, huwag itong paniwalaan.

- Gumamit ng online search -- o humingi ng tulong mula sa media specialist ng inyong aklatan -- para maghanap ng iba pang mga impormasyon ukol sa iyong paksa (ang source ay maaaring isang libro o balita o mga artikulo sa magazine, online o offline).
- Balikan ang mga Hakbang 1 at 2 kasama sila -- magtanong ka rin tungkol sa mga source. Kung pareho ang binigay nilang impormasyon tungkol sa iyong paksa, marahil ay pinatutunayan nila ang iyong source.

Pagtukoy sa mga maling impormasyon online

Isang paalala para sa mga tagapagturo:

Ang media literacy questions at observation techniques ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng kailangan nila para alam nila ang gagawin sa disinformation at iwasan maipit sa pagtatalo o makasama sa relasyon sa mga kaibigan at pamilya. Pero kinakailangan pa rin nila magtanong at masanay sa paggamit ng critical inquiry sa impormasyon na makukuha nila.

Mga Layunin para sa mga Mag-Aaral



- ✓ **Alamin** ang mga senyales na nagsasabi na ang isang balita o impormasyon mula sa isang source ay hindi mapagkakatiwalaan.
- ✓ **Gumamit** ng analytical na mga tanong at maingat na pagmamasid sa pagsusuri kung ang source ay kapani-paniwala.
- ✓ **Maunawaan** ang kahalagahan ng pagche-check ng kredibilidad ng source bago ibahagi ang mensahe nito.
- ✓ **Ugaliing** maging mapanuri sa lahat ng mga balita at impormasyon, hindi lamang sa mga istorya na tingin natin ay kahina-hinala.

Usap Tayo



Nakapaglaro ka na ba ng game kung saan kailangan mong hanapin ang mga mali na nakatago sa isang litrato? Minsan ang mga balita ay ganoon. Maraming mga tao o grupo ang masidhi ang paniniwala sa isang bagay na minsan ay binabaluktot nila ang katotohanan para tayo ay sumang-ayon sa kanila. Kapag ang isang baluktot na impormasyon ay nag-anyong balita, ito ay disinformation.

May mga tao na hindi marunong bumusisi ng pekeng impormasyon pero ikinakalat pa rin nila ito. Ganoon ito kumalat. At kapag gumawa ng desisyon ang mga tao sa kanilang gagawin o paniniwalaan ayon sa disinformation na iyon, nawawala ang pagkakataon na makapag-usap ng mahinahon, magtalo ng may galang sa isa't isa, maintindihan ang isa't isa ng mas mabuti, at malutas ang problema.

Kaya kung ang isang bagay ay mukha o tunog na balita, paano natin malalaman kung ito ay tunay o peke? May mga senyales na maaari nating matutunan upang makita ang mga ito -- paraan na ginagamit rin ng mga taong gumagawa ng disinformation. At may mga tanong rin na maaaring makatulong sa ating malaman ang mga istorya na hindi nagmumula sa matibay na ebidensya.

Gawain



Mga kakailanganin:

- Handout: "Pagtuklas sa mga pekeng URL"


1. Ano ang mali sa litrato?

Magsanay tayo sa paghahanap ng pagkakaiba mula sa isang uri ng media. Tignan ang litrato na nasa ibaba. Pagmasdan ng mabuti. Kaya mo bang matukoy ang mga pagkakaiba mula sa dalawang litrato?



Paano kung may nagsabi sa iyo kung saan dapat tumingin? Mas mapapadali ba ito?

May 9 na pagkakaiba. Nakita mo ba lahat?



Parang picture game ang pagtukoy kung ang isang balita ay tunay o peke. Sa paggamit ng maingat na pagsusuri, makakahanap ka ng mahahalagang mga impormasyon. At mas madali kung alam mo ang kailangan hahanapin.

Ito ngayon ang mga senyales na kailangan sa paghahanap ng disinformation. Kung may mamataan ka na mga ganito, marahil ay ikaw ay nakakita ng istoryang mapanlinlang.

Balikan ang handout: Pagtuklas sa mga pekeng URL

- Ang unang kailangan na tignan ay ang URL (web address) ng site na naglabas ng istorya. May ilang pekeng sites na maaari kang lokohin sa paggamit ng mga pangalan na kahawig ng tunay na site, na may konting pagkakaiba. Karamihan sa mga kumpanya ay gumagamit ng maiikling mga URL dahil madali ito matandaan at i-type. Kaya ang mga URL na may dagdag at hindi kinakailangan na mga letra ay kadalasang peke.
- Bilugan ang lahat ng mga URL na sa tingin mo ay tunay.
- Tignan ang answer key. Nakuha mo ba ang lahat ng tamang sagot?


Paano mo mache-check kung ang URL ay tunay na site para sa balita? Isang paraan ay ang paggawa ng web search ng news organization o ng URL. Kung ang grupo ay tunay, may kahon na lalabas sa kanan ng search result na may paglalarawan ng organisasyon, kasama na rito ang website address. Kung ang URL ay peke, maaari kang mag-scroll pababa at makikita mo ang mga headline tungkol sa site na ito ay peke -- o kaya naman ay wala na ang site.

2. Pagsusuri sa mga headline

May mga tao na nagbabahagi ng mga balita na walang URL minsan. Sa pagkakataon na ganoon, ito ang iilan sa mga senyales na magagamit:

- Nagsisimula ang istorya sa isang litrato ng isang bagay na agaw-pansin sa atin, gaya ng cute na aso, isang tanyag na tao o kakaibang palabas. Ngunit kapag i-click ito, ang istorya ay wala masyado o walang kinalaman sa litrato.
- Imbis na ikaw ang magdesisyon, ang mga tao na gusto kang sumang-ayon sa kanila ay kadalasang gumagamit ng **boldface**, ALL CAPS, salungguhit o mga tandang padamdang para ikaw ay mapaisip na ang nakikita mo ay mahalaga. Ang mga tunay na mamamahayag ay hindi gumagamit ng ganoong klase ng formatting tools.
- May mga tao na nagsasalin ng mga salita sa headline gaya ng "shocking" o "outrageous" o "surprising" para mahikayat ka nilang basahin ang istorya. Alam nila na ang mga salitang ganon ay nakakapag-udyok. Ngunit ang mga tunay na mananalastas ay hinahayaan ang balita na magsalita para sa sarili. Ibinabalita nila ang istorya at hinahayaan tayong magsuri kung ito ba ay nakakabigla o nakakagulat.

Halimbawa – pagmasdan itong litrato at headline:



Ang kasindak-sindak na katotohanan tungkol sa kung anong ginagawa ng mga guro pagkatapos ng klase

Nang hindi binabasa kung ano ang kasunod nito, ano ang iyong nahihinuhang sasabihin ng kwento? Bakit mo ito naisip? Ano ang iyong ebidensya?

Narito ang kwento:

“(2019) – Sa isang State University survey ng mga guro, nakita na 86% ng mga guro ay ginagawa ang ginagawa ng karamihan. May mga gawain sila, nagluluto ng hapunan, gumugugol ng oras sa pamilya, gumagawa ng gawaing bahay, at naghahanda para sa susunod na araw. Ngunit kamakailan, maraming mga guro ang gumagawa ng hindi inaasahan.

Sa nagdaang dekada, ang problema sa ekonomiya ay nagdulot sa maraming mga estado na bawasan ang pondo para sa edukasyon. Ang ibig sabihin nito ay maraming taon na walang pagtaas ng sweldo para sa mga guro. Marami sa kanila ang may pangalawang trabaho dahil sa mababang sweldo dahil kinukulang sila para sa pang-araw-araw na gastusin. Sa ibang mga estado naman, nagwelga ang mga guro para humingi ng dagdag na sweldo upang maaari na silang tumigil sa kanilang pangalawang trabaho at makapaglaan ng sapat na panahon para sa mga mag-aaral.”

Ang istorya ba ay ang iyong inakala? Sa tingin mo ba ang litrato at headline ay wasto o mali? Ano ang iyong ebidensya?

3. Pagbusisi sa mga source

Kapag sinusuri ang mga balita, ang mga senyales ay makakatulong, ngunit hindi ito laging sapat. Minsan ang mga tunay na balita ay gumagamit ng mga technique para makuha ang ating atensyon, at maaaring magmukha silang peke dahil doon. At minsan ang mga pekeng mga source ay napakahusay sa pagkopya ng tunay na balita na mahirap malaman kung peke ba ito. Mahirap makita kung ano ang kanilang pagkakaiba. Halimbawa:

Sa tingin mo ba ay tunay sila na mga news organization?

American News
National Review
News Examiner
World News Daily Report
Weekly World News
NewsWatch33

Ang totoo ay ang National Review lamang ang tunay. Paano mo malalaman iyon? Maaari mong simulan sa paggawa ng web search tungkol sa pangalan ng grupo. Tignan kung saan pa makikita ang pangalan maliban sa website ng grupo. Kung makikita ito sa Wikipedia o sa isang artikulo sa website ng isang dyaryo o news magazine, marahil tunay ang grupo. Ngunit silipin rin kung ano ang sinasabi ng ibang artikulo tungkol sa grupo! Maaaring sinasabi ng lahat na ito ay peke.

Humanap ng istorya tungkol sa iyong paaralan, komunidad, ang pinakabagong diet fad o kahit ano sa mga balita na gusto mo. Gamitin ang Tatlong Hakbang ng **Pagpasya Kung Ano ang Kapani-paniwala** na handout, kasama ang mga bagong senyales na alam mo, para masuri kung tunay o peke ang istorya.

Hakbang 1: Gumamit ng common sense

Itanong: Ito ba ay may katwiran? May saysay ba ito?

Minsan ay halata ito. Kung may makita kang headline gaya ng: **CELEBRITY SECRETLY MARRIES SPACE ALIEN**, ang pangangatwiran ay marahil magsasabi na peke ito.

Minsan hindi naman mahahalata. Kung:

- a) ang nakikita ay walang saysay
- b) alam mong hindi ito totoo ayon sa iyong karanasan o
- c) hindi ito sumasang-ayon sa mga katotohanan na alam mo

... marahil ang source na hawak mo ay peke.

Step 2: Ilahad ang mga tanong kaugnay sa motibo at pagkadalubhasa (pahina 48)

Step 3: Patunayan

Itanong: Ano ang sinasabi ng ibang tunay na mga source tungkol sa source na ito?

Sino pa ang nag-uulat ng istorya na ito? Ano pang ibang istorya ang nasa site? Lahat ba sila ay nagmumula sa isang pananaw o maraming mga pananaw ang kasama? Kung wala kang mahanap na iba pang mga source na tumatalakay sa istorya, dapat ka mag-alinlangan sa source.

Mga Natutunan

Ngayon alam mo na kung paano gamitin ang mga senyales at tanong para makita ang disinformation, maaari mo nang gawing parte ng iyong pang-araw-araw na pamamaraan ang maging maingat sa pagmamasid at pagsusuri. Kaya mo nang suriin ang lahat ng impormasyon na makukuha mo online at ibahagi ang iyong nadiskubre sa iyong pamilya at mga kaibigan. Kaya mo na maging matalino, magalang, at kagalang-galang na mamamayan.

Pagtuklas sa mga pekeng URL

Tunay o Peke?

Bilugan ang tamang sagot.

usatoday.com	Tunay	Peke
abcnews.com.co	Tunay	Peke
washingtonpost.com	Tunay	Peke
abcnews-us.com	Tunay	Peke
bbc.com/news	Tunay	Peke
abcnews.go.com	Tunay	Peke
nytimesofficial.com	Tunay	Peke
nbc.com.co	Tunay	Peke
washingtonpost.com	Tunay	Peke
nytimes.com	Tunay	Peke
washingtonpost.com.co	Tunay	Peke
bbc1.site/business-news	Tunay	Peke
nbcnews.com	Tunay	Peke
usatosday.com	Tunay	Peke

Answer Key

Totoo

abcnews.go.com
bbc.com/news
nbcnews.com
nytimes.com
washingtonpost.com
usatoday.com

Peke

abcnews.com.co
abcnews-us.com
nbc.com.co
nytimesofficial.com
bbc1.site/business-news
washingtonpost.com
washingtonpost.com.co
usatosday.com

Interland: Reality River

Ang ilog na dumadaloy sa Interland ay puno ng mga katotohanan at mga kathang-isip. Ngunit hindi lahat ng nakikita o nakagisnan ay katotohanan. Para makatawid sa mga rumaragasang agos, gamitin ang iyong pinakamahusay na husga – at huwag magpaloko sa mga panloloko ng mga phisher na nagtatago sa tubig.

Buksan ang web browser sa iyong desktop o mobile device (hal. tablet) at bisitahin ang g.co/RealityRiver.

Mga paksa ng talakayan



Paglaruin ng Reality River ang mga estudyante at ipagamit ang mga tanong sa ibaba kapag tinalakay ang mga natutunan sa laro. Karamihan sa mga mag-aaral ay masusulit ang karanasan kapag naglalaro ng mag-isa o solo, pero maaari mo ring ipares ang dalawang estudyante. Mas mahalaga ito para sa mga mas batang mga mag-aaral.

- Ilarawan ang pagkakataon na kinailangan mong pagdesisyunan kung ang isang bagay ay tunay o peke online. Anong senyales ang iyong napansin?
- Ano ang phisher? Ilarawan ang ugali nito at kung paano nito naapektuhan ang game.
- Nabago ba ng paglaro ng Reality River ang iyong pagsusuri sa mga bagay at tao online? Kung oo, paano?
- Ano ang isang bagay na sa tingin mo ay babaguhin mo pagkatapos mo sumali sa mga gawain at maglaro ng game?
- Anu-ano ang mga senyales na maaaring maghudyat na ang isang bagay ay "off" o nakakakilabot tungkol sa isang pangyayari online?
- Ano ang nararamdaman mo kapag nakakakita ka ng bagay na kaduda-duda online?
- Kung talagang hindi ka sigurado na tunay ang isang bagay, ano ang dapat mong gawin?



Pangalagaan ang Personal na Impormasyon

Mga mahahalagang leksyon tungkol sa privacy at security

Pangkalahatang Nilalaman ng Aralin

Gawain 1: Paano bumuo ng mainam at malakas na password
Gawain 2: Ilago lamang sa sarili
Gawain 3: Interland: Tower of Treasure

Mga Tema

Ang isyu tungkol sa online privacy at security ay hindi laging mayroong tama o maling solusyon. Ang pagprotekta sa iyong personal at pribadong impormasyon – lahat ng mga bagay na bumubuo sa iyo – ay nagpapakahulugan ng paglalahad ng mga tamang katanungan at pagtuklas ng iyong mga edukadong kasagutan.

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral

- ✓ **Alamin** kung bakit mahalaga ang privacy, at ano ang kinalaman nito sa online security
- ✓ **Alamin** at sanaying bumuo ng malalakas na password.
- ✓ **Pag-aralan** ang tools at settings na makakaprotekta laban sa mga hacker at iba pang banta sa online security.

Mga Pamantayang Natugunan

ISTE Standards for Educators: 1a, 2c, 3b, 3c, 3d, 4b, 6a, 6d, 7a
ISTE Standards for Students 2016: 1c, 1d, 2b, 2d, 3d, 6a
AASL Learning Standards: I.b.2, I.c.1, I.c.3, II.c.1, III.a.2, III.b.1, III.c.1, III.d.1, III.d.2, IV.b.3, V.d.3, VI.a.1, VI.d.1

Paano bumuo ng mainam at malakas na password

Sa gawaing ito, matututunan ng mga estudyante kung paano lumikha ng isang malakas na password at paano ito panatilihin pribado at sikreto pagkatapos buuin.

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral



- ✓ **Kilalanin** ang kahalagahan ng hindi pagbahagi ng password sa ibang tao, maliban sa mga magulang at taga-bantay.
- ✓ **Intindihin** at alamin ang kahalagahan ng "screen locks" upang maprotektahan ang mga device.
- ✓ **Alamin** kung paano bumuo ng mga password na mahirap mahulaan ngunit madaling tandaan.
- ✓ **Piliin** ang tamang security para sa kanilang log-in settings, kasama na ang two-factor verification.

Usap Tayo



Mas mabuting mag-ingat kaysa magsisi

Pinapadali ng kasalukuyang teknolohiyang digital ang pamamaraan upang makipag-ugnayan tayo sa ating mga kaibigan, ka-eskwela, guro at kamag-anak. Maraming paraan upang magawa ito: sa pamamagitan ng email, text, instant message; na binubuo ng mga salita, larawan o video; gamit ang smartphone, tablet at laptop (Ikaw, paano ka kumokonekta sa iyong mga kaibigan?)

Ngunit itong teknolohiyang ito na ginagamit natin upang mapadali ang pagbahagi ng impormasyon ay siya ring nagpapadali sa mga hacker at scammer na nakawin ang ating impormasyon at sirain ang ating mga kagamitan, ating mga ugnayan, at ating reputasyon.

Ang pangangalaga sa ating sarili, sa ating impormasyon at mga kagamitan ay makakamtan sa paggawa ng mga simple at matalinong hakbang, kagaya ng paggamit ng screen locks sa ating mga smartphone, sa pag-iingat sa paglagay ng sensitibo at personal na impormasyon sa mga device na walang lock at maaaring manakaw o mawala, at higit sa lahat, ang pagbuo o paglikha ng malakas na password.

- Sino ang makakahula kung ano ang pinakamadalas na ginagamit na password? (Sagot: "1 2 3 4 5 6" at "password.")
- Pag-isipan at pag-usapan natin kung ano pa ang ibang mahihinang password at bakit hindi ito mabuti. (Halimbawa: Ang iyong buong pangalan, numero ng iyong smartphone, ang katagang "chocolate")

Sa mga naisip niyong halimbawa, sino ang sumasang-ayon na mabubuting mga password ito? :)

Gawain



Mga kakailanganin:

- Mga kagamitan na may kakayahang kumonekta sa Internet para sa mga estudyante o grupo ng mga estudyantestudents
- Isang whiteboard o projection screen
- Handout: "Gabay sa Paglikha ng Mainam at Malakas na Password"

Narito ang mga payo para makalikha ng isang malakas na password:

- Mag-isip ng isang nakakaaliw o nakakatawang parirala na madaling tandaan. Pwede itong hango sa iyong paboritong kanta, libro, pelikula, atbp.
- Piliin ang una o unang dalawang letra sa bawat kataga ng parirala.
- Palitan ang ibang titik ng mga numero o simbolo.
- Gawing malaking titik ang ibang letra, at iba nama'y maliit na titik.
- Subukan natin ang ating bagong kakayahan sa pamamagitan ng paglaro ng isang password game.

1. Lumikha ng password.

Hatiin natin ang klase sa mga grupong binubuo ng tig-dalawang miyembro. Bawat grupo ay may 60 segundo upang lumikha ng password.

(Opsyonal na hamon: Hayaang ibahagi ng mga estudyante sa buong klase ang mga clue upang masuri kung anong contextual information ang kailangan ng klase upang makaisip ng tamang hula.)

2. Paghambingin ang mga password.

Tigdalawang grupo ang magsusulat ng kanilang password sa pisara.

3. Bumoto!

Sa bawat pares ng mga password, pagbotohan natin kung alin ang mas malakas.

Mga Natutunan

Mahalaga ngunit masaya rin ang paglikha ng malakas na password.

Mga Gabay sa Paglikha ng Mainam at Malakas na Password

Narito ang ilang payo upang makalikha ng malalakas na password na siyang poprotekta sa iyong personal na impormasyon.

Ang **malakas na password** ay nakabatay sa mga parirala o pangungusap na naglalarawan na madaling tandaan ngunit mahirap mahulaan. Halimbawa nito ay mga unang letra sa pamagat ng iyong paboritong kanta o di kaya'y mga unang letra ng pangungusap na tungkol sa nangyari sa iyo. Isa pang katangian ng malakas na password ay binubuo ng magkahalong mga titik, numero at simbolo. Halimbawa, "I went to Western Elementary School for grade 3" ay maaaring gamitin upang makabuo ng ganitong password: "Iw2We\$t4g3".

Ang **katamtamang password** ay maaaring malakas at di madaling ma-hack ngunit posibleng mahulaan ng taong malapit sa iyo (Hal. IwenttoWestern).

Ang **mahinang password** naman ay karaniwang gumagamit ng personal na impormasyon na madaling mahulaan, kagaya ng pangalan ng alagang hayop, o di kaya'y karaniwang kaalaman tungkol sa iyo (Hal. "MahalkosiTotoy" o "Mahiligakosatsokolate")

MGA DAPAT GAWIN

- Gumamit ng iba't ibang password sa bawat account mo.
- Gumamit ng di bababa sa walong (8) karakter. Mas mahaba, mas mabuti (basta lang madaling tandaan!)
- Gumamit ng halo-halong titik (malaki at maliit), mga numero, at mga simbolo.
- Gawing madaling tandaan ang iyong password upang hindi mo na kailangang isulat ito dahil baka may makakita nito.
- Agad palitan ang password kung may hinala ka na may nakakaalam nito maliban sa mga taong iyong pinagkakatiwalaan.
- Palaging gumamit ng malakas na screen lock sa iyong mga kagamitan. I-set ang mga ito upang awtomatikong magla-lock kung sakaling mapunta ito sa masasamang nilalang.
- Pag-isipan kung gagamit ng "password manager" kagaya ng built-in password manager ng iyong paboritong browser. Makakatulong ito upang hindi na kailangang tandaan ang lahat ng password sa bawat account mo.

MGA 'DI DAPAT GAWIN

- Huwag gamitin ang personal na impormasyon (pangalan, address, email, phone number, SSS, pangalan ng nanay noong dalaga pa siya, petsa ng kaarawan, atbp.) o mga karaniwang salita sa iyong password.
- Huwag gumamit ng password na madaling mahulaan, katulad ng iyong pangalan, paaralan, paboritong kupunan sa basketbol, at sunod-sunod na mga numero (hal. 123456), atbp. At higit sa lahat, huwag gamitin ang katagang "password" bilang password!
- Huwag ibahagi sa iba ang iyong password maliban sa mga magulang at taga-gabay.
- Huwag isulat ang password kung saan ito pwedeng makita ng iba.

Itago lamang sa sarili

Gagamit ang guro ng device ng paaralan upang ipakita kung paano ayusin ang privacy settings.

Mga Layunin para sa Mga Mag-aaral



- ✓ **I-customize** ang privacy settings ng online services na kanilang ginagamit.
- ✓ **Piliin** kung anong impormasyon ang pwedeng ibahagi sa mga website at services na kanilang ginagamit.
- ✓ **Intindihin** kung ano ang two-factor at two-step verification at kailan ito dapat gamitin.

Usap Tayo



Ang privacy ay katumbas ng security

Ang online privacy at online security ay magkaakibat. Karamihan sa mga app at software ay hinahayaan tayong kontrolin kung anong impormasyon lang ang gusto nating ibahagi at paano ito ibabahagi.

Kapag gagamit ng app o bibisita sa isang website, hanapin ang "My Account" or "Settings." Doon matatagpuan ang privacy at security settings na tutulong sa iyong piliin:

- Kung anong impormasyon ang makikita sa iyong profile
- Kung sino ang maaaring makikita ng iyong mga post, larawan, video, at iba pang nilalaman na iyong ibinabahagi

Ang pag-aaral kung paano gamitin itong mga setting na ito upang mapangalagaan ang iyong privacy, at ang pagpapanatili na updated ito, ay makakatulong sa pangangasiwa ng iyong privacy, security at safety. Tandaan lang na palaging i-update ang settings. Mahalaga din na tulungan ka ng iyong mga magulang at taga-gabay upang makapagpasya ka.

Gawain



Mga kakailanganin:

- Isang device ng paaralan na konektado sa projector upang maipakita ang isang halimbawa ng account na nararapat para sa isang demonstrasyon (hal. isang hindi ginagamit na email o website account)

Siyasatin ang "Options"

Nakakabit ang aking device sa isang projection screen. Pumunta tayo sa "Settings" ng app, kung saan makikita natin ang mga pwedeng palitan. Ipakita ninyo sa akin kung paano (hikayatin ang mga estudyanteng tulungan ka)...

- Magpalit ng password
- Tignan ang inyong sharing, location, at ibang settings at paano ninyo pipiliin ang nararapat para sa inyo
- Makakatanggap ng mga alerto kung mayroong ibang taong sumubok i-access o mag-log-in sa inyong account mula sa di kilalang device
- Gawin ang inyong online profile – kasama ang inyong larawan at video – na makikita lamang ng mga kamag-anak at kaibigan na inyong pipiliin
- Paganahin at gamitin ang two-factor o two-step verification
- Mag-set-up ng recovery information kung sakaling ma-lockout kayo sa inyong account at hindi na ito ma-access

Dapat kausapin ang mga magulang o taga-gabay upang kayo ay mapayuhan kung ano ang tama at nararapat na privacy at security settings para sa inyo. Ngunit tandaan, ang pinakamahalagang security setting ay ang sarili ninyong utak at katalinuhan – kayo ang natatanging makapagdesisyon kung anong personal na impormasyon ang inyong ibabahagi, at kanino at kailan ito ibabahagi.

Mga Natutunan

Ang pagpili at paglikha ng isang malakas at natatanging password sa iyong mahahalagang account ay unang hakbang sa pangangalaga ng iyong personal na impormasyon. Kailangan lang tandaan ang inyong mga password at huwag ito ibahagi sa iba.

Interland: Tower of Treasure

Mayday! Ang Tower of Treasure ay nabuksan na! Nanganganib ang mga mahahalagang bagay ni Internaut (gaya ng contact information at mga pribadong mensahe). Unahan ang hacker at gumawa ng mala-kutang malalakas na password upang maprotektahan ang iyong mga sikreto.


Buksan ang web browser sa iyong desktop o mobile device (hal. tablet) at bisitahin ang g.co/TowerOfTreasure.

Mga Paksa ng Talakayan



Paglaruin ng Tower of Treasure ang mga estudyante at ipagamit ang mga tanong sa ibaba kapag tinalakay ang mga natutunan sa laro. Karamihan sa mga mag-aaral ay masusulit ang karanasan kapag naglalaro ng mag-isa o solo, pero maaari mo ring ipares ang dalawang estudyante. Mas mahalaga ito para sa mga mas batang mga mag-aaral.

- Ano ang bumubuo sa isang malakas na password?
- Kailan mahalagang lumikha ng malakas na password sa totoong buhay? Ano ang mga payong natutunan mo para gawin ito?
- Ano ang hacker? Ilarawan ang kanyang pag-uugali at paano ito nakakaapekto sa laro.
- Binago ba ng paglalaro ng Tower of Treasure ang pamamaraan ng iyong pagplano kung paano mapoprotektahan ang iyong impormasyon sa hinaharap?
- Magbigay ng isang bagay na iyong babaguhin pagkatapos matutunan ang mga aralin at laruin ang Tower of Treasure.
- Lumikha ng tatlong practice passwords na papasa sa “super strong” test.
- Ano ang mga halimbawa ng sensitibong impormasyon na dapat protektahan?



Cool Maging Mabuti

Ang kapangyarihan ng pagiging positibo online

Pangkalahatang Nilalaman ng Aralin

- Gawain 1: Mula bystanders maging upstanders
- Gawain 2: Mga pagpipilian ng isang upstander
- Gawain 3: ...Ngunit sabihin ito ng maayos!
- Gawain 4: Ingatan ang tono ng iyong pananalita
- Gawain 5: Gawin at huwag lang sabihin
- Gawain 6: Paano binabago ng mga salita ang kahulugan ng isang larawan
- Gawain 7: Interland: Kind Kingdom

Mga tema

Ang mundong digital ay nakakalikha ng panibagong mga pagsubok at oportunidad para makipag-ugnayan, sa mga bata at para na rin sa pangkalahatan. Mas mahirap mabasa ang mga "social cues" online, ang madalas na pag-uugnayan ay nagdudulot ng kasiyahan at pag-aalala, at ang di pagkakakilanlan ng isa't isa ay maaaring magdulot ng papuri at kabutihan pati na rin ng kapahamakan sa sarili at sa iba.

Lahat ng ito'y komplikado, ngunit batid natin na ang Internet ay maaaring magpalaganap ng kabutihan pati na rin ng kasamaan. Ang pagtuto kung paano magpakita ng kabaitan at pakikiramay -- at kung paano lalabanan ang pang-aapi at pagiging negatibo -- ay napakahalaga sa pagtaguyod ng mabubuting ugnayan. Nakakatulong din ito na maibsan ang pakiramdam na ika'y nag-iisa at bukod sa iba, na minsan ay nagreresulta sa bullying, depresyon, kahirapan sa pag-aaral, at iba pang problema.

Pinatunayan ng mga masusing pag-aaral na mas epektibo ang pagpigil sa bullying kaysa sa pagpayo sa mga bata na huwag maging negatibo online dahil isinisiwalat nito ang ugat ng mga negatibong asal at pag-uugali. Hinihikayat ng mga aktibidad na ito ang positibong pakikipag-ugnayan mula sa simula at maturuan sila kung paano labanan ang negatibong nakakaharap nila.

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral

- ✓ **Ipaliwanag** kung ano ang ibig sabihin ng pagiging positibo at paano ito makikilala online at offline.
- ✓ **Patnubayan** sila sa paggamit ng positibong komunikasyon online.
- ✓ **Kilalanin** ang mga sitwasyon kung saan dapat hingan ng payo ang isang nakatatandang pinagkakatiwalaan.

Mga Pamantayang Natugunan

ISTE Standards for Educators: 1a, 1c, 2c, 3a, 3b, 3c, 4b, 5a, 5b, 6a, 6b, 6d, 7a

ISTE Standards for Students 2016: 1c, 2b, 3d, 4d, 7a, 7b, 7c

AASL Learning Standards: I.a.1, I.a.2, I.b.1, I.b.2, I.b.3, I.c.1, I.c.2, I.c.3, I.d.3, I.d.4, II.a.1, II.a.2, II.b.1, II.b.2, II.b.3, II.c.1, II.c.2, II.d.1, II.d.2, II.d.3, III.a.1, III.a.2, III.a.3, III.b.1, III.b.2, III.c.1, III.c.2, III.d.1, III.d.2, IV.b.2, IV.b.3, IV.d.2, V.a.2, V.a.3, V.c.1, V.c.3, V.d.1, V.d.2, V.d.3, VI.a.1, VI.a.2, VI.d.1, VI.d.3

Bokabularyo para sa Cool Maging Mabuti

Pangbu-bully: Sadyang pagmamaltrato at pagpapakita ng masamang ugali o gawain sa iba, na kadalasan ay inuulit-ulit. Ang taong binu-bully ay kadalasang walang kakayahang ipagtanggol ang sarili.

Cyberbullying: Ang pambu-bully na nangyayari online gamit ang mga digital na device.

Harassment: Termino na may mas malawak na kahulugan kaysa sa bullying. Ito ay may iba't ibang uri kagaya ng paninira, pang-iinis, pananakot, panunukso, atbp. At ito ay maaari ring mangyari online.

Conflict: Pagtatalo o hindi pagkakasundo na hindi naman laging nauulit.

Aggressor: Ang taong gumagawa ng pambu-bully, minsan tinatawag na lang itong "bully," ngunit pinapayo ng mga eksperto sa bullying prevention na huwag kailanman tawagin ang sinuman ng ganito.

Target: Ang taong binu-bully o binibiktima.

Bystander: Saksi sa isang harassment o pambu-bully subalit piniling manahimik

Upstander: Saksi rin sa isang harassment o pambu-bully ngunit piniling makialam at nagpapakita ng suporta sa biktima, pribado man o lantaran. Minsan sila mismo ang pumipigil sa pambu-bully o nire-report ang insidenteng kanilang nasaksihan.

Amplify: Palakihin o palawakin ang lebel ng partisipasyon o ang epekto

Exclusion: Isang uri ng harassment o bullying na nakikita online at offline; kadalasang tinatawag na "social exclusion"

Block: Isang aksyon at opsyon, lalo na sa social media, na pinuputol ang lahat ng uri ng interaksyon (at minsan pati ang relasyon) sa isang kakilala o kaibigan. Kapag na-block na ang isang tao, hindi na nila maaaccess ang iyong profile, hindi na makakapagpadala ng mga mensahe sa iyo, hindi na makikita ang iyong mga posts, atbp, nang hindi sila naaabisuhan (hindi angkop o nararapat sa sitwasyon kung saan gustong malaman ng tina-target ang sinasabi ng aggressor o kapag natigil na ang bullying)

Mute: Ang pag-mute ay isang paraan para hindi na makita ang mga post, komento, atbp. ng isang tao sa social media feeds, lalo na kapag nakakainis na ang iyong nababasa. Katulad ng pag-block, hindi rin aabisuhan ang taong na-mute. (hindi nakakatulong sa bullying)

Anonymous: Isang di kilala at di nagpapakilalang tao

Trolling: Ang sadyang pag-post o pag-komento online ng malulupit, nakakasakit, o nakakainsultong salita o larawan.

Report Abuse: Ang pagre-report gamit ang online tools o system ng tinatangkilik na social media sa mga harassment, bullying, pananakot, pagbabanta at iba pang nakakasakit na nilalaman na karaniwan ay lumalabag sa terms of service ng isang website o kumpanya. o ang mga panuntunan ng komunidad.

Caption: Ang text na kasama ng isang larawan na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa imahen

Context: Karagdagang impormasyon tungkol sa larawan na nakakatulong sa atin na intindihin ng mas mabuti ang ating nakikita. Kalakip ng konteksto ay ang mga impormasyon tulad ng lugar kung saan kinunan ang litrato, ang oras kung kailan pinadala ang mensahe, ang sitwasyon ng nagpadala ng oras na yun, atbp.

Mula bystanders maging upstanders

Magsasanay ang mga estudyante upang matukoy ang apat na uri ng tao na sangkot sa nangyayaring bullying (ang taong nagbu-bully, ang binu-bully, ang bystander at ang upstander) at ano ang gagawin kapag sila ay bystander o ang taong inaapi.

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral



- ✓ **Kilalanin** ang mga sitwasyon ng pagbu-bully o harassment online.
- ✓ **Suriin** kung ano ang ibig sabihin maging bystander o upstander online.
- ✓ **Pag-aralan** ang mga tiyak na paraan kung paano tutugon o aaksyon kapag nakakaranas o nakakakita ng bullying.
- ✓ **Alamin** kung ano ang gagawin at paano kikilos kapag nakakaranas ng harassment.

Usap Tayo



Bakit mahalaga ang kabutihan?

Mahalagang maalala na sa likod ng bawat online username, profile at avatar ay may tunay na tao na may tunay na nararamdaman. Kaya dapat natin silang itrato katulad ng kung paano natin gustong tratuhin ng iba. Kapag nangyayari ang pambu-bully, kadalasan ay mayroong apat na uri ng tao ang sangkot.

- Nariyan ang aggressor, o ang nambu-bully.
- Nariyan din ang bitima ng pambu-bully -- ang target.
- Mayroon ding mga nakasaksi sa pambu-bully na hindi nakikialam, na karaniwang tinatawag na mga bystander.
- Mayroon ding mga nakasaksi sa pambu-bully na positibong nakikialam, kadalasang tinatawag na mga upstander.

Kung ikaw ay naging target ng pambu-bully o iba pang masamang asal online, mayroon kang mga pwedeng gawin upang lumaban:

Kung ako ay target ng pambu-bully, maaari akong...

- Hindi tumugon
- I-block ang nambu-bully
- I-report ang nambu-bully – isusumbong ko sa aking magulang, kapatid, guro, o iba pang taong aking pinagkakatiwalaan. Gagamitin ko rin ang mismong reporting tool ng app o service upang isumbong ang masasamang post, komento, o larawan

Kung ikaw naman ay naging bystander sa isang insidente ng pambu-bully o harassment, tandaan na mayroon kang kapangyarihan na makialam at i-report ang marahas at masamang ugali. Minsan hindi nangingialam ang mga bystander kapag nakakasaksi ng pambu-bully, at hindi tinutulungan ang nabu-bully. Pero kapag ang isang bystander ay nagpasyang makialam, sila'y nagiging upstander. Maaari kang maging upstander kung pipiliing huwag suportahan o huwag isantabi ang masamang asal. Sa halip, kung magpapasya kang makialam at tumulong sa biktima ng karahasan at pangungutya, nangangahulugang pinaglalaban mo ang kabutihan at ang pagiging positibo. Malayo ang naaabot ng mga gawain at salitang positibo online. Napipigilan nito ang pagkalat ng negatibo na siyang pwedeng lumala at mauwi sa kalupitan at sakitan.

Kung ako ay isang bystander, maaari akong maging upstander kung...

- Hahanap ako ng paraan upang maging mabuti at suportahan ang taong sinasaktan o inaapi
- Pupunahin ko ang masamang asal sa pamamagitan ng pag-iwan ng komento o tugon upang makatawag-pansin (tandaan lang na punahin ang ugali at hindi yung tao), kung komportable kang gawin ito at sa iyong palagay ay ligtas naman gawin ito
- Pipiliin kong huwag tulungan ang aggressor sa pagkalat ng pambu-bully o palalain ito sa pagbabahagi ng isang masamang post o komento online

- Hihikayatin ko ang aking ibang kaibigan upang lumikha ng “pile-on of kindness” – mga post na puno ng mabubuting komento sa taong tina-target (ngunit hindi dapat magsalita ng masama laban sa aggressor, dahil ang layunin ay magpakita ng magandang halimbawa, at hindi ang maghiganti)
- I-report ang harassment. Magsumbong sa taong makatutulong, tulad ng magulang, guro, o guidance counselor ng paaralan.

Gawain



Mga kakailanganin:

- Handout: “Mula Bystanders Maging Upstanders” worksheet

Sagot sa “Mula Bystanders Maging Upstanders” worksheet:

Senaryo 1: B, U, B (dahil hindi nakakatulong sa sitwasyon), U, U

Senaryo 2: U, B, U, U

Senaryo 3: U, U, B, B, U

Senaryo 4: Nasasa-inyo ang sagot!

1. Basahin ang bawat senaryo at i-kategorya ang mga sagot

Pagkatapos pag-usapan ang mga papel na gagampanan, ipamahagi ang worksheet sa mga estudyante at bigyan sila ng 15 minuto na basahin ang tatlong senaryo at i-kategorya ang mga sagot. Kung may sapat pang panahon, hikayatin silang lumikha ng pang-apat na senaryo bilang isang buong klase.

2. Pag-usapan ang mga sagot

Bago matapos o pagkatapos ng talakayan, tanungin sila kung bakit mabuting mayroong mga upstander sa paaralan at online.

3. Talakayin ang mga sagot na mahirap i-kategorya

Kung may sapat pang panahon, tanungin ang mga estudyante kung mayroong tugon na mahirap i-kategorya at ito'y pag-usapan.

Mga Natutunan

Maging pagtatanggol man sa iba, o pagre-report sa isang bagay na nakakasakit, o pagwawalang-bahala sa nasaksihan upang hindi na ito lumala, maraming pamamaraan ang pwede mong pagpilian depende sa sitwasyong kinalalagyan. Sa pagpapakita ng kahit konting kabaitan, kahit sino ay maaaring baguhin ang masamang sitwasyon at gawin itong mabuti.

Mula Bystanders Maging Upstanders

Ngayon ay alam mo nang pwedeng maging upstander ang isang bystander kung gagamitin niya ang kanyang kapangyarihan at kakayahan para sa kabutihan at sa pagtulong sa taong inaapi at binu-bully. Sa ibaba ay may tatlong senaryo ng pambu-bully o harassment. Kung iyong nanaisin, maaari kang lumikha ng pang-apat na senaryo na naranasan ng ibang taong iyong kilala, at lumikha rin ng mga tugon para sa upstanding at bystanding. Bawat senaryo ay mayroong listahan ng mga sagot. Basahin ang bawat tugon at magpasya kung ito ba ay gawain ng isang bystander ("B") o upstander ("U") at isulat ang kaukulang titik sa patlang. Kung may sapat pang panahon, talakayin ang mga sitwasyon kung saan mahirap malaman kung ano ang nararapat na sagot.

Senaryo 1

Nawala ng iyong kaibigan ang kanyang smartphone sa may drinking fountain malapit sa soccer field ng paaralan. May nakapulot nito at ginamit ang telepono upang magpadala ng isang mapanirang mensahe sa soccer teammates ng iyong kaibigan tungkol sa ibang estudyante. Pagkatapos ay ibinalik nito ang telepono kung saan niya ito natagpuan. Nang mabasa ng tinarget na estudyante ang mensahe, tinawag niyang masamang tao ang iyong kaibigan dahil sa paninira sa kanya, kahit na hindi siya ang nagpadala nito. Walang may alam kung sino ang nagpadala ng mensahe. Ikaw...

- ☐ Ay magiging malungkot para sa iyong kaibigan ngunit wala kang gagawin dahil walang nakakaalam kung sino ang nagpadala ng mensahe.
- ☐ Ay hahanapin ang tinarget na estudyante at kakamustahin siya at mag-aalok na tulungan siya.
- ☐ Ay ikakalat ang drama sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mapanirang mensahe sa iba mo pang kaibigan.
- ☐ At ang iyong kaibigan ay hihikayatin ang buong soccer team upang lumikha ng "pile-on of kindness" -- mga post na puno ng mabubuti at magagandang papuri sa taong tinarget.
- ☐ At ang iyong kaibigan ay irereport ang insidente sa inyong punong-guro, pero di kayo magpapakilala. Ipapaalam niyo rin na kailangan pag-usapan ang kahalagahan ng mabuting phone security at phone lock.

Senaryo 2

Lumikha ang inyong guro ng class blog para sa paksang Sining Pang-Wika. Binigyan niya kayo ng kakayahang magsulat, baguhin at mag-post ng komento sa blog na ito. Sa kasamaang palad, noong susmud na araw, hindi nakapasok ang inyong guro dahil sa sakit at hindi napansin ng pumalit na guro na hindi na maganda ang nangyayari sa blog -- may isa kang kaklase na nagpopost ng mga mapanirang komento tungkol sa isa mo pang kaklase. Ikaw ay...

- ☐ Tutugon sa masasamang komento. Pupunahin mo ang mga ito at magpopost ng mga reaksiyon katulad ng "Hindi ito maganda" o "Kaibigan ako ni _____ at hindi totoo ang mga komentong ito."
- ☐ Walang gagawin. Hindi mo na lang muna papansinin ang mga komento hangga't hindi pa nakakabalik ang inyong guro.
- ☐ Kikilos upang hikayatin ang ibang mga kaklase na mag-post ng mabubuting komento at papuri sa kaklaseng tina-target.
- ☐ Magsusumbong sa pumalit na guro na may nangyayaring masamang asal sa blog, at baka nais niyang ipaalam ito sa inyong guro.

Senaryo 3

May isang online game na madalas ninyong laruin magkakaibigan. Karaniwan, ang game chat ay tungkol sa mga nangyayari sa laro. Minsan nagiging nakakainis ang mga chat, ngunit kadalasan ito'y dala lang ng palakaibigan na labanan, at hindi naman talaga masama. Ngunit isang beses, may isa kang kalaro na nag-post ng nakakasirang chat message tungkol sa iyong kaibigan, at hindi ito tumitigil. Kahit sa susunod na araw ay nagpatuloy pa rin ito. Ikaw ay...

- ☐ Tatawag sa iyong kaibigan upang sabihin na hindi mo rin gusto ang nangyayari katulad niya. Itatanong mo rin sa kanya kung ano ang dapat ninyong gawin dalawa.
- ☐ Tatawag sa lahat ng kalaro (siguraduhing alam ng kaibigan mo na gagawin mo ito) upang magkaroon ng kasunduan na tigilan na ang pagbu-bully at harassment.
- ☐ Maghihintay kung titigil ang masasamang komento, at kung hindi ay baka may maisip ka na pwedeng gawin.
- ☐ Lalayo muna at hindi maglalaro.
- ☐ Hahanapin ang panuntunang pang-komunidad ng laro. Kapag nakasaad doon na bawal ang bullying, agad irereport ito gamit ang reporting system ng laro.

Senaryo 4

Lumikha ng isang sitwasyong nangyari sa totoong buhay na natuklasan mo. Pakatapos ay gumawa ng mga posibleng aksyon para sa bystander at upstander para maipakita ang bago mong kaalaman!

Mga pagpipilian ng isang upstander

Kadalasan, nais ng mga estudyanteng tulungan ang mga biktima ng bullying ngunit di nila alam kung paano gagawin ito. Ipapakita ng susunod na gawain na marami silang pwedeng gawin sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga halimbawa. Bibigyan din sila ng oportunidad na makalikha ng sarili nilang positibong sagot sa sitwasyon.

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral



- ✓ **Mamalayan** na pwede nilang piliin na maging upstander.
- ✓ **Malaman** na maraming paraan para makialam at maging upstander sa anumang sitwasyon. a specific situation.
- ✓ **Magpasya** kung paano tutugon sa bawat sitwasyon na ligtas at angkop para sa iyo.
- ✓ **Mag-isip** ng tugon o aksyon batay sa sitwasyon.

Usap Tayo



Kapag nakakakita ka ng tao minamaltrato ng iba online – pinagtatawanan, binabastos, o sinasaktan hanggang sila'y mapahiya o mapag-iwanan – dapat mong tandaan na palagi kang may pagpipilian. Una, pwede kang maging upstander imbis na bystander sa pamamagitan ng pagtulong sa inapi. Pangalawa, kung pipiliin mong maging upstander, marami kang pagpipiliang aksyon upang makatulong at mapigilan ang pambu-bully.

Ang pinakamahalagang malalaman mo ay napakalaking tulong ang simpleng pakikinig sa taong minamaltrato, lalo na kapag sila ay nasasaktan at nalulungkot, upang maramdaman nila na may taong may malasakit sa kanila.

Totoo na hindi lahat ng tao ay komportableng makialam o ipagtanggol ang binu-bully lalo na sa **harap** ng ibang tao, online man o sa paaralan. Ngunit kung ito ang napagpasyahan mong gawin, pwede mong...

- Tawagin ang pansin ng masamang asal (hindi ang tao) at sabihing hindi ito mabuti.
- I-post ang magagandang komento na pinupuri ang taong nabu-bully.
- Hikayatin ang iba pang kaibigan na purihin din online ang taong tina-target.
- Imbitahan ang taong inaapi na sumama sa mga lakad mo o yayain na kumain sa labas.

Kung hindi ka naman komportableng tumulong ng lantaran o sa harap ng iba, hindi naman ito masama. Pwede mo rin namang suportahan ang binu-bully sa **pribadong** paraan. Pwede mong...

- Kamustahin sila gamit ang pribadong text o direktang mensahe.
- I-post ang mabubuting komento o papuri online ng hindi babanggitin kung sino ka (kung ito ay pwedeng gawin sa media na gamit, na manatiling hindi ka kilala).
- Ipaalam sa kanila na nariyan ka lang para sa kanila at handang makinig anumang oras, kahit pa tapos na ang eskwela.
- Sa isang tahimik na usapan, harapan man o sa telepono, sabihin mo na alam mong mali ang ipinakitang asal sa kanila at itanong kung gusto nilang pagkwentuhan ang pangyayari.

Anumang klase ng pagiging upstander ang piliin mo, mayroon kang opsyon sa parehong pampubliko at pampribadong **pagrereport**. Maaaring ang kahulugan nito ay pagrereport ng pambu-bully sa pamamagitan ng website o interface ng application, o pwede rin itong mangahulugan ng pagrereport sa nakatatanda na pinagkakatiwalaan mo.

Gawain



Mga kakailanganin:

- Isang puting pisara (whiteboard) o easel na may malaking pad paper kung saan pwedeng magdikit ang mga estudyante ng sticky notes
- Handout: "Mga Pagpipilian ng Isang Upstander" worksheet
- Sticky notes para sa bawat grupo ng estudyante

Sa gawaing ito, susubukan nating lahat kung paano maging upstander, kaya't una pa man isipin na natin na napagpasyahan na nating tulungan ang target.

1. Hatiin ang klase sa mga grupong kinabibilangan ng limang miyembro kada grupo.

Bawat pangkat ay magtatalaga ng isang magbabasa at isang magsusulat.

2. Kada grupo ay sama-samang babasahin at tatalakayin ang bawat masakit na sitwasyon.

Ang tatlong sitwasyon ay matatagpuan sa worksheet sa susunod na pahina.

Habang ang bawat grupo ay nag-uusap-usap, hahatiin ng guro ang whiteboard o easel sa dalawang hilera na may katagang "Suportang Publiko" o "Suportang Pribado".

3. Mamimili o gagawa ang bawat grupo ng dalawang uri ng sagot para sa bawat senaryo

Maaaring gamitin ng mga estudyante ang mga halimbawang tugon na matatagpuan sa bahagi ng "Usap Tayo" o lumikha ng sarili nilang tugon o aksyon.

4. Ididikit ng mga estudyante ang kanilang mga sagot sa pisara at babasahin ng malakas sa harap ng buong klase.

Papatnubayan ng guro ang talakayan base sa mga napiling sagot ng mga estudyante.

Mga Natutunan

Kadalasan, kapag nakakakita ka ng taong sinasaktan o inaapi, gusto mong tumulong pero hindi mo alam kung paano. Ngayon alam mo na ang iba't ibang paraan kung paano ka makakatulong sa tina-target -- at may pagpipilian ka nang aksyon o tugon upang suportahan sila sa paraang komportable at nakagagaan ng loob sa iyo. Tandaan: may kapangyarihan at kakayahan kang tumulong sa kapwa sa paraang uubra sa iyo!

Mga pagpipilian ng isang upstander

Ngayong kasama na ninyo ang inyong kagrupo, bawat pangkat ay magpapasya kung paano kayo magiging upstander. Humingi ng mga boluntaryo na magiging manunulat (sa mga sticky notes) at sino ang tagabasa. Ang tagabasa ay babasahin ng malakas ang bawat sitwasyon. Pagkatapos ay pag-uusapan ng grupo sa loob ng limang minuto ang bawat senaryo at magpapasya kung paano susuportahan ang target sa pampubliko at pribadong paraan. Ang manunulat ay isuslat ang sagot sa dalawang sticky notes at ididikit sa angkop na hilera sa pisara. Upang makapagdesisyon, gamitin ang mga ideyang tinalakay na o lumikha ng sariling paraan upang matulungan ang target. Ulitin ang prosesong ito sa pangalawa at pangatlong senaryo.

Tandaan: Walang iisang paraan upang suportahan ang target dahil kada tao (ang binu-bully at ang bystander) ay iba at bawat sitwasyon ay iba rin. Sinusubukan lang natin ang iba't ibang opsyon para sa mga upstander.

Sitwasyon 1

Nag-post ang isang estudyante ng sariling video habang kinakanta ang paboritong awitin ng isang sikat na pop artist. Nakatanggap ito ng negatibong kritisismo at masasamang komento mula sa ibang estudyante. Ano ang gagawin mo upang suportahan ang nag-post ng video? Gamitin ang mga natalakay nang tugon o aksyon o lumikha ng sariling solusyon.

Sitwasyon 2

Pinadala ng isang estudyante sa isa pang estudyante ang screenshot ng komentong pinost ng iyong kaibigan at kinutya at pinagtawanan pa ito. Ni-repost ang screenshot ng iyong kaibigan at ito'y nag-viral sa eskwelahan. Paano mo tutulungan ang iyong kaibigan na napahiya sa nangyayaring pagbabahagi ng kanyang na-screenshot na komento? Piliin ang isa sa mga napag-usapan na nating ideya o mag-isip ng sariling sagot.

Sitwasyon 3

Natuklasan mo na may isang estudyante sa inyong paaralan ang gumawa ng pekeng social media account gamit ang pangalan ng ibang estudyante at nagsimulang mag-post ng mga larawan at meme na nagsasabi ng di magagandang bagay tungkol sa iba pang estudyante, guro, at eskwelahan. Paano mo susuportahan ang taong ginaya ang pangalan at nagkukunwaring siya? Pag-isipan ang mga ideyang kanina nang tinalakay o gumamit ng sariling solusyon o suhestyon.

...ngunit sabihin ito ng maayos!

Sa gawaing ito, sama-samang pag-aaralan ng mga estudyante kung paano baguhin ang pananaw sa mga negatibong komento upang malaman ang paraan na gawing positibo ang mga negatibong pakikipag-ugnayan.

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral



- ✓ **Ipahayag** ang mga damdamin at opinyon sa positibo at epektibong paraan.
- ✓ **Tumugon** sa negatibong karanasan sa nakabubuti at magalang na paraan.

Usap Tayo



Gawing positibo ang negatibo

Sa inyong edad, kayo ay naeexpose sa samu't saring online content. Ang iba rito'y mga negatibong mensahe na nagiging sanhi ng masamang ugali.

- May nakita na ba kayo (o inyong kakilala) na negatibo sa web? Ano ang naramdaman ninyo?
- May naranasan na ba kayo (o inyong kakilala) na kabutihang hindi inaasahan sa web? Ano ang naramdaman ninyo?
- Anong mga simpleng hakbang o aksyon ang pwede nating gawin upang ang negatibong pakikipag-ugnayan ay maging isang positibong interaksyon?

Maaari tayong tumugon sa mga negatibong emosyon sa mabuting paraan sa pamamagitan ng pagbabago ng salita o pag-iiba ng pananaw sa mga masasamang komento at maging alisto sa tono ng ating komunikasyon online.

Gawain



Mga kakailanganin:

- Isang whiteboard o projection screen
- Handout: "...Ngunit Sabihin Ito nang Maayos!" worksheet
- Sticky notes o device para sa mga estudyante

1. Basahin ang mga komento

Titignan nating lahat ang mga negatibong komento.

2. Isulat ang mga pagbabago

Ihiwalay natin ngayon ang klase sa mga grupong binubuo ng tig-tatlong miyembro at gumawa ng dalawang uri ng tugon sa mga komento:

- Paano mo isusulat ang kaparehas o kahawig na punto ngunit sa mas positibo at nakabubuting paraan?
- Kung isa sa iyong mga kaklase ang gumawa ng ganitong komento, paano ka tutugon sa paraan na magiging mas positibo ang usapan?

Paalala sa mga magtuturo:

Baka mangailangan ang mas nakababatang mga estudyante ng isang modelo na pwede nilang gawing gabay sa pagbago ng mga komento. Ang pagtalakay sa isang halimbawa ay makakatulong na masiguradong magtatagumpay ang estudyante kapag ito'y nag-isip ng sarili.

3. Iprisinta ang mga sagot

Bawat pangkat ay ihahayag ang mga tugon para sa parehong sitwasyon.

Mga Natutunan

Ang pag-react sa isang negatibo gamit ang isang positibong bagay ay maaaring magbunga ng mas masaya at mas kapana-panabik na pag-uusap – na siyang tunay na mas maigi kaysa ayusin ang gulong dulot ng isang hindi mabuting comment.

...Ngunit Sabihin Ito ng Maayos!

Basahin ang mga sumusunod na komento. Pagkatapos ng bawat komento, pag-usapan:

1. Paano mo isusulat ang kaparehas o kahawig na punto ngunit sa mas positibo at nakabubuting paraan?
2. Kung isa sa iyong mga kaklase ang gumawa ng ganitong komento, paano ka tutugon sa paraang magiging mas positibo ang usapan?

Gamitin ang espasyo sa ibaba ng bawat komento upang magsulat ng mga sagot.

LOL Si Rob lang ang di makakasama sa klase sa camping trip natin ngayong weekend.

Bukas lahat tayo magsuot ng kulay lila pero huwag natin sabihin kay Lilly.

Pasensya na, hindi ka makakapunta sa party ko. Masyado kasing mahal para sa iyo.

Huwag ka magagalit pero nakakahiya sulat-kamay mo kaya dapat siguro lumipat ka na lang sa ibang grupo para sa proyektong ito.

Nakakapanghina naman ito - sino nagsabi sa kanyang magaling siyang kumanta?

Pwede ka lang sumama sa grupo namin kung ibibigay mo sa akin log-in info ng account mo.

Ako lang ba ang nakaisip na kamukha ni Shanna ang mga Smurf?



Ingatan ang tono ng iyong pananalita

Bibigyang-kahulugan ng mga estudyante ang mga damdamin sa likod ng mga text message para masanay sa kritikal na pag-iisip at maiwasan ang maling interpretasyon at posibleng gulo sa mga palitan online..

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral



- ✓ **Magpasya** ng tama tuwing pipili kung ano ang ihahayag at paano ito ihahayag – o kung dapat bang ihayag.
- ✓ **Kilalanin** ang mga sitwasyon kung saan mas mabuting maghintay bago makipag-ugnayan ng harapan kaysa i-text ang mga kaibigan ng agaran.

Usap Tayo



Mabilis at madaling magkaroon ng di pagkakaintindihan.

Gumagamit ang kabataan ngayon ng iba't ibang paraan ng komunikasyon upang makipag-ugnayan sa iba ngunit ang mga mensaheng pinapadala gamit ang chat o text ay maaaring magkaroon ng ibang kahulugan kaysa kung sasabihin ito ng harapan o gamit ang telepono.

Nagkaroon ka na ba ng di pagkakaintindihan dahil sa text? Halimbawa, nakapag-text ka na ba ng isang biro sa iyong kaibigan at inakala niya'y seryoso ka -- o kaya'y hindi naintindihan?

Nagkaroon na ba ng pagkakataon na hindi mo naintindihan ang pinadalang text o chat sa iyo? Ano ang ginawa mo upang klaruhin ito? Ano ang pwede mong baguhin?

Gawain



Mga kakailanganin:

- Mga sample text messages na nakasulat sa pisara o sa projector

1. Pag-aralan ang mga mensahe

Tignan natin ang mga sample text message na nasa pisara. Baka ang klase ay mayroon ding magagandang halimbawa kaya't hayaan silang isulat ito sa pisara para talakayin.

- "Astig naman nyan"
- "Ewan"
- "Galit na galit ako sa iyo"
- "TAWAGAN MO AKO NGAYON DIN"
- "Kk sige na"

2. Basahin ang mga mensahe ng malakas

Sa bawat mensahe, pakikiusapan natin ang isang tao na basahin ang mensahe ng malakas sa iba't ibang tono (hal. galit, malungkot, atbp.).

Ano ang iyong napansin? Ano ang dating nito sa ibang tao? Paano kaya maipaparating ng mas mabuti ng bawat taong nagpapadala ng mensahe ang nais talaga nilang ipahiwatig?

Mga Natutunan

Mahirap talagang unawain kung ano ang tunay na nararamdaman ng tao kapag ikaw ay nagbabasa ng text. Siguraduhin na gagamit ka ng tamang kagamitan o paraan sa iyong susunod na pakikipag-ugnayan -- at huwag masyadong pag-isipan ang sinasabi sa iyo ng ibang tao online. Kung di ka sigurado kung ano ang ibig sabihin ng ibang tao, kausapin sila ng harapan o tawagan sa telepono.

Gawin at huwag lang sabihin

Pag-uusapan ng mga estudyante kung paano sila pwedeng maging huwaran ng tamang asal sa mga nakatatanda.

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral



- ✓ **Pagnilayan** ang online na ugali ng mga nakatatanda.
- ✓ **Pag-isipan** kung paano gagawing halimbawa ang aksyon ng mga nakatatanda upang gayahin ng mga nakababata.

Usap Tayo



Ano ang pwedeng ituro ng mga nakatatanda sa mga bata – at ano ang pwedeng ituro ng mga bata sa mga nakatatanda!

Mahalagang ituro ang kabutihan. Pero mahalaga rin na isagawa ang mga aral ng kabutihan na itinaturo natin. Maraming halimbawa kung paanong ang pambu-bully at pangha-harass ay hindi lang issue ng mga bata. Tingnan na lang kung paano minsan ituring ng mga nakatatanda ang kanilang mga sarili online, sa mga news media, o sa trapiko.

Pinag-uusapan na natin ang kahalagahan ng pagiging mabait sa iyong mga kaklase at mga kaibigan online at offline. Nakakita ka na ba ng mga nakatatanda na masama ang pakikitungo sa isa't isa? Nakakita ka na ba ng mga nakatatanda na binu-bully ang isa't isa? (Tandaan, hindi natin kailangang magsabi ng mga pangalan – pag-uusapan lang natin ang mga pag-uugali.)

Sa tingin mo ba ay kaya ng henerasyon mo na bumuo ng Internet na mas mabait at mas positibo kaysa sa mundong binuo ng mga nakatatanda para sa kanilang mga sarili? (Marami sa mga nakatatanda ang nag-iisip na maaaring mas magaling ka rito.)

Sa tingin mo ba na nagsisimulang mam-bully ang mga bata o nag-iiwan ng hindi mababait na mga komento dahil nakikita nila itong ginagawa ng mga nakatatanda sa paligid nila o kaya naman ay sa balita? Sumasang-ayon ka ba sa lahat ng nabanggit? Magbigay ng mga halimbawa. Ano sa halip ang gagawin MO – paano ka magiging mas mabuting huwaran para sa mga nakatatanda?

Isang paalala para sa mga tagapagturo:

Ikonsidera na gamitin ang diskusyong ito sa susunod na antas sa pamamagitan ng pagbuo ng "kampanya para sa kabutihan" sa inyong paaralan! Sa simula ng bawat klase, ang bawat estudyante ay magsusulat at magpapadala ng sulat ng paninindigan para sa isa pang estudyante, na parehong magbibigay-daan para sa isang positibong klase at magsisilbing paalala na tayo ay pwedeng maging puwersa ng pagiging positibo sa parehong online at offline. Maaari ka ring magsimula ng klase sa ganitong paraan bawat linggo!

Mga Natutunan

Ang pakikipag-ugnayan ninyong magkakaibigan online ay magdudulot ng malaking epekto sa digital na mundong binubuo ng iyong henerasyon – ganun din sa tunay na buhay.

Paano binabago ng mga salita ang kahulugan ng isang larawan

Isang paalala para sa mga tagapagturo:

Ang araling ito ay nagsisilbing pundasyon para sa mga estudyanteng nasa mababang paaralan sa pamamagitan ng pagpapakilala sa kanila ng konsepto ng mga simpleng caption tungkol sa mga tao. Sa mga pamamaraan na angkop sa pag-unlad, sakop ng aktibidad na ito ang mga konsepto at mga katanungan tungkol sa media literacy:

- Ang kaalaman na lahat ng media ay “binuo” – ginawa ng mga taong nagpasya kung ano ang isasama at paano ito ipiprisinta.
- Regular na nagtatanong ng “Sino ang gumawa nito at bakit?”
- Regular na pagninilay sa media na ginawa natin sa pagtatanong ng: “Paano makakaapekto ang mensahe na ito sa iba?”

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral



- ✓ **Matutunan** na nakakabuo tayo ng kahulugan mula sa pagsasama ng mga larawan at mga salita
- ✓ **Maintindihan** kung paano nababago ng caption ang pagkakaintindi natin sa nais ipahiwatig ng isang larawan
- ✓ **Magkaroon** ng pagpapahalaga sa kapangyarihan ng iyong mga salita, lalo na kapag isinama sa mga larawan na pino-post mo
- ✓ **Malaman** kung paano maging responsableng “media maker”
- ✓ **Masanay** na itanong, “Sino ang nag-post nito at bakit?”

Usap Tayo



Paano mababago ng mga salita ang isang larawan?!

Ang pagsasama ng mga larawan at salita ay napaka-inam na paraan upang makipag-ugnayan. Isipin mo ang larawan sa balita ng isang nasusunog na bahay. Ang isang caption ay nagsasabing “Nawalan ng bahay ang isang pamilya subalit ligtas na nakalabas ang lahat, pati ang aso.” Magiging malungkot ka at medyo matatakot, hindi ba? Pero paano kung ang nakasulat sa caption ay, “Sinunog ng mga bumbero ang isang bakanteng bahay para makapagsanay sila gamit ang mga bagong kasangkapan sa pag-apula ng apoy.” Nakikita mo pa rin ang nasusunog na bahay pero may iba ka nang naiisip sa pangyayari. Maaaring nararamdaman mong ligtas ka kaysa matakot.

Gawain



Mga kakailanganin:

- Tingnan ang susunod na pahina

Hatiin ang klase sa maliliit na grupo. Kalahati sa kanila'y bigyan ng handout na may imahe ng paligsahan kasama ang positibong caption; kalahati nama'y bigyan ng parehong imahe ngunit may negatibong caption.

1. Mga larawan at mga salita

Tingnan ang imahe. Kasama ng iyong kagrupo, ilarawan ang taong nasa imahe. Anong klase siya ng tao sa tingin ninyo? Sa tingin niyo ba ay gugustuhin niyong makasama siya o maging ka-teammate siya? Bakit o bakit hindi?

Base sa mga sagot nila ay mabilis na matutuklasan na hawak nila ang parehong imahe ngunit magkaiba ang caption. Hikayatin ang bawat grupo na ipakita ang kanilang litrato upang matukoy ang kaibahan.

Panghuli, talakayin: Ano ang pinatunayan nito tungkol sa kapangyarihan ng mga salita para mahulma ang ating pag-iisip?

Mga kakailanganin:

- Hand-out: "Mga Larawan ng Paligsahan"
- Hand-out: "Paano Binabago ng mga Salita ang Kahulugan ng Isang Larawan"
- Mga larawan ng iyong mga guro at staff ng paaralan na ginagawa ang kanilang pang-araw-araw na tungkulin. Sa loob ng 2-3 linggo bago ang inyong aktibidad, maaaring gustuhin mong magkalap ng ilang mga digital na larawan, o magtalaga sa mga estudyante na mangolekta ng mga ito nang hindi sinasabi ang papel ng mga larawan sa aktibidad na ito (siyempre, dapat ay palaging may pahintulot ng kinukuhanan).
- Magkalap ng mga larawan na naaangkop sa edad sa mga magazine o source ng balita kung hindi available ang mga larawan
- (Opsyonal) magkalap ng larawan ng bawat estudyante sa klase

2. Hindi ka pa rin sigurado?

Tingnan ang ilan pang halimbawa sa **Paano Binabago ng mga Salita ang Kahulugan ng Isang Larawan** na handout (pahina 84).

Pag-isipan kung ano ang mararamdaman mo kung makakakuha o makakakita ka ng mensahe sa isa sa mga larawan na may negatibong caption. Ang makakita o makarinig ng mga mensahe ay hindi lang nakakasakit sa taong nasa larawan. Maaari rin nitong gawing hindi komportable ang ibang taong makakakita ng larawan.

Kapag nakuha mo ang mensahe o larawan, ano ang gagawin mo? Lagi kang may pagpipilian. Maaari mong...

- Piliin na hindi ibahagi ang larawan sa kahit sino man o...
- Sabihin sa nagpadala na mas gusto mong hindi makatanggap ng mga mensahe na makakasakit ng ibang tao o...
- Suportahan ang taong nasa larawan sa pagsasabi sa kanila na alam mong hindi iyon totoo o...
- Lahat ng nabanggit sa itaas.

Maaari ka ring magpadala ng positibong mensahe. Hindi isang sagot – isang positibong mensahe lamang galing sa iyo. Ang makakita o makarinig ng positibong mensahe ay nagbibigay ng suporta sa taong nasa larawan at nakakabuti sa pakiramdam ng iba at nagbibigay sa kanila ng kagustuhan na mag-post ng sarili nilang positibong mensahe.

3. Isang tao sa paaralan natin

Pumili ng isang larawan mula sa binalasang set ng mga larawan ng staff ng paaralan o mga larawang ibinigay ng mga estudyante.

Magsanay na gumawa ng iba't ibang klase ng mga caption. Una, gumawa ng ilang mga caption na magpapasaya o maipagmamalaki ng taong nasa larawan. Ilang iba't ibang caption ang kaya mong gawin?

Ngayon, pag-usapan natin ang mga nakakatawang caption. May pagkakaiba ba ang pagsusulat ng nakakatawa sa iyo kaysa sa kung ano ang pwedeng nakakatawa sa taong nasa larawan? May pagkakaiba ba sa biro na mabuti at nakakatawa sa lahat, at isang biro na pinagkakatuwaan ang isang tao at "nakakatawa" lang sa ilang tao?

Magsulat ng ilang mga caption na halimbawa ng mga pinag-usapan natin, pagkatapos ay pipili tayong lahat ng isang caption para sa bawat larawan na parehong nakakatawa at mabuti – at hindi nakakasakit sa taong nasa larawan.

Patuloy na magsanay na gumamit ng mga larawan ng ibang tao sa ating paaralan. Nakakuha ka ba ng ibang mga ideya tungkol sa mabubuting bagay na pwedeng sabihin sa pagtingin sa mga caption na sinulat ng mga kaklase mo?


4. Gumawa ng collage ng mga larawan ng bawat tao sa inyong klase, na may mabuting nakasulat na caption sa bawat isa.

Mga Natutunan

Ang mga caption ay kayang baguhin ang ating iniisip – at nararamdaman – tungkol sa isang larawan at mga mensahe na sa ating tingin ay nakukuha natin. Bago mag-post ng mga larawan na may mga caption, pag-isipan muna kung ano ang posibleng maramdaman ng iba sa iyong post. At bago tumanggap ng mga larawan at mga caption na pino-post ng iba, tanungin, “Sino ang nag-post at bakit?”

Opsyonal: Dagdag na Aktibidad

Subukan ang eksperimentong ito. Ipamahagi ang maikling **comic strip** na ito kung saan ang lahat ng salita ay binura. Sabihan ang bawat estudyante na lagyan ng iniisip/pag-uusap ang mga blangko para gumawa ng kwento ayon sa nakikita nila. Ikumpara ang mga resulta. Nakita ba ng lahat ang parehong kwento o pareho ang sinulat na mga salita? Ano ang ipinapakita ng eksperimentong ito tungkol sa kung paano natin ginagamit ang mga salita para magbigay ng konteksto o maintindihan kung ano ang “sinasabi” ng isang larawan?



Mga Larawan ng Paligsahan



Galing!



Yabang!



Galing!



Yabang!

Handout: Gawain 6


Paano binabago ng mga salita ang kahulugan ng isang larawan




Orihinal na likhang-sining nanalo ng unang gantimpala



Ang gulo. Ang sakit sa mata.



Nakatuklas ako ng bagong species sa mundo!



Mmmm sarap pang-hapunan!



Nakuha mo!



Awkward - di naman malapit!



Pinakabatang scientist sa mundo!



Nerd. #lame



Sa wakas, sarili kong phone!



Binigay sa akin ni nanay ang luma niyang phone. :/



Pinahaba ko ang buhok ko tapos binigay sa isang pasyenteng may kanser. <3



PINAKA. PANGIT. NA. GUPIT. EVER!

Interland: Kind Kingdom

Lahat ng uri ng "vibes" ay nakakahawa, makabubuti man o makakasama. Sa isang maaraw na bahagi ng nayon, may mga aggressor na nagpapakalat ng negatibong asal at gawa kung saan-saan. I-block at i-report ang mga aggressor upang mapigilan ang kanilang pagsalakay at maging mabuti sa mga kapwa-Internaut upang manumbalik ang kapayapaan sa kalupaan.


Buksan ang web browser sa iyong desktop o mobile device (hal. tablet) at bisitahin ang g.co/KindKingdom.

Mga Paksa ng Talakayan



Paglaruin ng Kind Kingdom ang mga estudyante at ipagamit ang mga tanong sa ibaba kapag tinalakay ang mga natutunan sa laro. Karamihan sa mga mag-aaral ay masusulit ang karanasan kapag naglalaro ng mag-isa o solo, pero maaari mo ring ipares ang dalawang estudyante. Mas mahalaga ito para sa mga mas batang mga mag-aaral.

- Anong senaryo sa Kind Kingdom ang higit kang nakaka-relate at bakit?
- Ilarawan ang isang pagkakataon kung saan gumawa ka ng aksyon upang magpakalat ng kabaitan online.
- Sa anong sitwasyon dapat i-block ang isang tao online?
- Sa anong sitwasyon dapat i-report ang pag-uugali ng isang tao online?
- Bakit sa tingin mo ang karakter ng Kind Kingdom ay tinawag na aggressor? Ilarawan ang mga katangian ng karakter na ito at kung paano nakakaapekto ang mga aksyon nito sa laro.
- Nabago ba ng paglalaro ng Kind Kingdom ang pamamaraan ng pagplano mo kung paano makipag-ugnayan sa iba? Kung oo, paano?



Kapag May Pagdududa, Pag-Usapan

Pagpapaliwanag at Paghimok sa Ugaling Matapang Online

Pangkalahatang Nilalaman ng Aralin

Gawain 1: Kailan Dapat Humingi ng Tulong
Gawain 2: I-Report Mo Rin Online
Gawain 3: Ano ang Kahulugan ng Pagiging Matapang

Mga Tema

Mahalagang nauunawaan ng mga bata na hindi sila nag-iisa sa tuwing sila ay nakakakita ng mga bagay online na nakakabagabag sa kanila -- lalo na kung sila o sinuman ay maaaring masaktan nito. Hindi sila dapat kailanman magdalawang-isip na humingi ng tulong mula sa sinuman na kanilang pinagkakatiwalaan. Mabuti rin para sa kanila na may iba't ibang paraan upang maging matapang at upang kumilos, mula sa pagtalakay ng mga ito offline hanggang sa paggamit ng reporting tools online.

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral

- ✓ **Maintindihan** ang mga uri ng sitwasyon na nararapat ihingi ng tulong o talakayin sa mga pinagkakatiwalaang nakatatanda
- ✓ **Mapag-isipan** ang mga pwedeng pagpilian sa pagiging matapang at kung bakit mahalaga na isama ang mga nakatatanda sa usapin

Mga Pamantayang Natugunan

ISTE Standards for Educators: 1c, 2c, 3a, 3b, 3c, 4b, 5a, 5b, 6a, 6b, 6d, 7a
ISTE Standards for Students 2016: 1c, 2b, 3d, 4d, 6a, 7a, 7b, 7c
AASL Learning Standards: I.a.1, I.b.1, I.b.2, I.c.1, I.c.2, I.c.3, I.d.3, I.d.4, II.a.1, II.a.2, II.b.1, II.b.2, II.b.3, II.c.1, II.c.2, II.d.1, II.d.2, II.d.3, III.a.1, III.a.2, III.a.3, III.b.1, III.c.1, III.c.2, III.d.1, III.d.2, IV.a.2, IV.b.3, V.a.2, V.a.3, V.c.1, V.c.3, V.d.1, V.d.2, V.d.3, VI.a.1, VI.a.2, VI.a.3, VI.d.1, VI.d.3

Bokabularyo para sa Kapag may Pagdududa, Pag-Usapan

Magiting: Matapang; hindi ibig sabihin na walang kinatatakutan, bagaman ito ang mga tao na mas higit na tumatapang tuwing sila ay natatakot o kinakabahan, at positibong tumatalima

Nakompromisong account: Ang online account na nakuha na ng iba kaya wala ka ng kumpletong kontrol rito.

Student agency: Isang hakbang na higit sa paggamit ng boses upang manindigan, ang student agency ay ang kapasidad na kumilos at makagawa ng pagbabago; kabilang ang pagprotekta o paninindigan para sa sarili at sa iba; madalas ay nakikita na mahalagang bahagi ng citizenship.

Tiwala: Ang matinding paniniwala na ang isang bagay o isang tao ay maaasahan, tapat, at may kakayahan.

Kailan Dapat Humingi ng Tulong

Isang payo na palaging makikita sa mga araling ito ay: kung ang mga mag-aaral ay may nakitang bagay na nagdulot sa kanila ng pagkabahala o mas malala pa rito, inuudyok silang i-report ito. Maging matapang at makipag-usap sa sinuman sa kanilang mga pinagkakatiwalaan na makakatulong kabilang ka, ang punong-guro, o ang kanilang magulang. Kailangang matutunan ito ng mga mag-aaral sa alinmang aralin, ngunit para lamang makasiguro, narito ang isang talakayan para sa klase na nakatuon mismo sa prinsipyong "kapag may pagdududa, pag-usapan." Sa ibaba, iyong makikita ang listahan ng mga sitwasyon na nagpapakitang ang pakikipag-usap ay may malaking magagawa.

Isang paalala para sa mga tagapagturo:

- 1. Ang mga bata ay tinuruan o kinondisyon -- simula pa noong mga unang henerasyon -- na huwag maging madaldal na naging dahilan upang ito ay makasanayan sa lipunan. At dahil dito, ang mga eksperto ng bullying prevention ay lubos na nagsisikap na tulungan ang mga batang maunawaan ang pagkakaiba ng "pagdadaldal" sa paghingi ng tulong. Ituro mo sa iyong mga mag-aaral na ang paghingi ng saklolo kapag nangyayari ang mga nakakasakit na mga kaganapan online, ay hindi lamang "pagdadaldal." Ito ay tungkol sa pagtulong sa kanilang sarili o mga kaibigan tuwing may nasasaktan.*
- 2. Pagpapayabong ng bukas na komunikasyon sa inyong silid-aralan at pagpapaalala sa mga mag-aaral na palagi kang nakaantabay upang magbigay ng suporta sa student's agency at karapat-dapat na pag-uulat.*
- 3. Sa talakayan sa ibaba, anumang oras na ang mga mag-aaral ay nagsasabi kung kailan sila nagbabahagi sa mga nakatatanda, siguraduhin na ang tono ng usapan ay nakakapagpahanga sa kanilang sarili at nagpapatibay ng lakas ng kanilang loob na gumawa ng aksyon, lalo na kung sila ay nagsasalita sa harap ng kanilang mga kaibigan.*

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral



- ✓ **Matanggap** na ang paghingi ng tulong para sa sarili o para sa iba ay tanda ng katatagan.
- ✓ **Sama-samang** pag-isipan ang mga sitwasyon kung kailan nakatutulong ang pag-uusap

Usap Tayo



Narito ang buong listahan ng mga sitwasyong maaari mong makita o maranasan online. Hindi natin mapag-uusapan ang lahat dahil inaasahan kong itataas mo ang iyong mga kamay kung may maaalala kang sitwasyon na iyong naranasan at ano ang iyong ginawa, kaya pag-uusapan natin ito ng sama-sama.

Mga Natutunan

Mga Paksa ng Talakayan



Hindi man laging ganoon, ngunit ang paghingi ng tulong kung ikaw ay hindi sigurado sa iyong gagawin ay kahanga-hanga. Kung ito ay upang matulungan ang iyong sarili o ang iba na makaagapay sa anumang masakit na pangyayari o upang mapigilan ang panganib, ito ay parehong matalino at matapang.

1. Basahin ng tahimik ang listahan. Habang ito ay iyong ginagawa, mag-isip kung alinman sa mga sitwasyon ay nangyari sa iyo, kung ikaw ba ay nagkaroon ng kagustuhan na humingi ng tulong sa nakatatanda sa alinmang sitwasyon, o kung hindi mo ito ginawa.

- May pakiramdam ka na nakompromiso ang iyong account. (Pagkakataong Talakayin: Ano ang iyong maaaring gawin upang mas maging malakas ang seguridad ng iyong account?)
- Ikaw ay nangangailangan ng tulong na matandaan ang password.
- Ikaw ay hindi sigurado kung scam ang isang bagay o inaakala mong nahulog ka sa isa mga ito. (Pagkakataong Talakayin: Ano ang mga palatandaan at babala?)
- May sumubok na kumausap sa iyo tungkol sa isang bagay online na nagdulot sa iyo ng pangamba o bagabag.
- Ikaw ay nakatanggap ng nakakatakot na mensahe o komento mula sa isang estranghero. (Pagkakataong Talakayin: Anu-ano ang mga nakakatakot na mensahe?)
- Gusto mo mapag-usapan ang isang bagay na sinabi online na talagang maganda O nakakasakit.
- Ikaw ay nag-aalala na maaaring may naibahagi ka online na hindi dapat. Sabihin lang sa amin kung alin ang komportable ka na ibahagi, at kung hindi man, sabihin na lamang ang iyong ginawa tungkol dito.
- Nakita mo ang isang kaibigan na naging mapanakit sa ibang kamag-aral online.
- May nakita kang nagbabanta na mag-umpisa ng gulo o manakit ng kapwa mag-aaral.
- May nag-post ng pekeng profile ng isang kamag-aral.
- Nag-aalala ka para sa isang kamag-aral dahil sa kanilang nai-text o nai-post. (Pagkakataong Talakayin: Minsan, mahirap kung masasaktan ang isang kaibigan, ngunit hindi ba mas mahalaga ang kanilang kaligtasan at kabutihan?)

2. Itaas ang iyong kamay kung ikaw ay may nais sabihin tungkol sa iyong ginawa (o hindi ginawa) at bakit. Kung may nakapili na, tingnan kung may iba ka pang nais na talakayin sa amin.

3. Ating pag-usapan ang mga sitwasyong ito.

Isang paalala para sa mga tagapagturo:

Ang pagkakaroon ng panel ng mga mag-aaral o working group sa inyong paaralan (o paaralang sekondarya sa inyong distrito) ay maaaring maging pinakamabisang paraan upang makabuo ng student agency tungkol sa paksang ito. Kung mayroon nang panel o peer mentoring na grupo sa inyong paaralan, mabuting magpagabay ang mga mag-aaral sa mga tagapagturo na magbabahagi ng kanilang sariling mga karanasan sa pagtugon sa mga sitwasyong ito.

I-Report Mo Rin Online

Gamit ng isang device ng paaralan upang maipakita kung saan pupunta sa apps upang mai-report ang mga hindi angkop na content at pag-uugali, isasaalang-alang ng klase ang iba't ibang uri ng content, magpapasya kung irereport ang mga ito, at pag-uusapan kung bakit o hindi.

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral



- ✓ **Magkaroon** ng kamalayan tungkol sa mga online tool upang mai-report ang pang-aabuso.
- ✓ **Isaalang-alang** kung kailan maaaring gamitin ang mga ito.
- ✓ **Pag-usapan** kung bakit at kailan magre-report ng pang-aabuso.

Usap Tayo



Kapag ang mapanakit o ibang hindi akmang content ay lumalabas online, may mga pagpipilian ang mga tao upang makagawa ng aksyon. Sa huling gawain, napag-usapan natin ang pinakamahalagang dapat gawin: talakayin ang mga ito sa mga taong pinagkakatiwalaan. Isa pang pamimilian ay i-report ito sa app o service kung saan mo ito nakita, na maaaring makatulong upang mabura ang content. Mahalaga na makasanayan ang paggamit ng online reporting tools.

Ang mga mag-aaral ay dapat masanay na kumuha ng screenshot ng mga usapan o gawain na nakakasakit o kahina-hinala bago gamitin ang blocking at reporting tools (na maaaring maging dahilan upang hindi na makita pa ang rekord ng gawain). Masisiguro nito na makikita ng mga pinagkakatiwalaang nakatatanda ang nangyari at makakatulong na mabigyan ng solusyon ang sitwasyon.

Gawain



Mga kakailanganin:

- Handout: "I-Report Mo Rin Online!" worksheet

1. Isipin kung paano irereport ang isang problema

Kumuha ng maraming device hanggang sa kaya ng inyong klase. Kung marami, hatiin ang klase sa mga pangkat. Magkakasamang maghahanap ang klase ng hindi bababa sa tatlo ng mga tool sa school-related na mga account upang i-report ang mga hindi akmang content at pag-uugali. (Kung may isang device o kompyuter sa silid-aralan, isa-isa lamang na ipagamit ang screen sa mga grupo.)

2. Isa-isahin ang mga sitwasyon.

Bilang isang klase, isa-isahin ang pitong sitwasyon sa worksheet.

3. Irereport mo ba?

Sabihan ang mga mag-aaral na itaas ang kanilang kamay kung irereport nila ang content; pagkatapos ay ipataas ang kamay kung sila ay hindi magrereport.

4. Kung ganoon, bakit?

Sabihin ang magrereport sa buong klase kung ano ang kanyang dahilan, at ganoon din ang ipagawa sa hindi magrereport.

Gabay: Kalimitan ay iisa lamang tamang sagot o pamamaraan. Siguraduhin na alam ito ng klase bago magsimula ang talakayan.

Mga Natutunan

Karamihan sa apps at services ay mayroong tools upang makapag-report o block ng hindi akmang mga content, at maaari nitong matulungan ang mga taong apektado, ang kanilang komunidad, at maging ang mismong platform kung gagamitin ang mga tools na ito. Bago mag-block o mag-report ng hindi akmang mga content, palaging mainam kung kukuha ng screenshot upang ikaw ay may rekord ng nangyari.

I-Report Mo Rin Online

Basahin ang bawat sitwasyon at itaas ang kamay kung irereport mo ito sa app o service kung saan mo ito nakita. Paghandaan ang paliwanag kung bakit mo irereport o hindi, pagkatapos ay talakayin bilang isang klase ang inyong mga napili.

Gabay: Lahat ay dapat nakakaalam na kalimitang iisa lang ang tamang pipiliin, kung kaya't makatutulong ang isang talakayan. Wala dapat makaramdam na mali ang kanilang napiling gawin. Kahit ang mga nakatatanda ay hindi alam kung kailan dapat o paano mag-report.

Sitwasyon 1

Nag-post ang iyong kamag-aral ng group photo ninyo sa isang public account, at hindi mo nagustuhan ang iyong itsura sa larawan. Irereport mo ba ang larawan o hindi? Paano ka tutugon?

Sitwasyon 2

May gumawa ng account gamit ang larawan at pangalan ng isa mong kamag-aral. Ginawa nilang katawa-tawang meme ang larawan sa pamamagitan ng pagguhit ng bigote, at mga kakaibang detalye sa kanyang mukha. Irereport mo ba ang account o hindi?

Sitwasyon 3

Isang hindi nagpapakilalang account ang nagkokomento ng masasakit tungkol sa isang kamag-aral. Sa iyong palagay ay kilala mo ang taong gumagawa nito. Irereport mo ba ang mga komento at ang iyong pinaghihinalaan?

Sitwasyon 4

Gumawa ang iyong kamag-aral ng account at ginamit na screen name ang pangalan ng inyong paaralan. Naglalaman ito ng mga larawan ng mga mag-aaral na may mga komentong nababasa ng lahat. Ang ilang nakasulat na komento ay nakakasakit sa mga mag-aaral, ang ilan naman ay papuri. Irereport mo ba ang malulupit na komento, ang buong account, o pareho?

Sitwasyon 5

Isang gabi, nakita mo na nagkomento ang iyong kamag-aral na makikipagsuntukan sila sa isa ninyong kamag-aral sa lunchroom kinabukasan. Irereport mo ba ang mga komentong ito online o hindi? Irereport mo ba ito sa inyong guro o punong-guro kinabukasan o hindi? O pareho?

Sitwasyon 6

Ikaw ay nanonood ng cartoon video online ng biglang may lumabas na content na talagang hindi angkop sa mga bata. Hindi ka komportable dito. Irereport mo ba ito o hindi?

Sitwasyon 7

Ikaw ay naglalaro ng isang online game kasama ng iyong mga kaibigan ng biglang nakipag-chat sa iyo ang ilang players na hindi mo kakilala. Hindi naman sila nagiging masama ngunit hindi mo talaga sila kakilala. Hindi mo papansinin o irereport mo sila?

Ano ang Kahulugan ng Pagiging Matapang

Papangalanan ng mga mag-aaral ang isang taong na sa tingin nila ay nakagawa ng bagay na nagpapakita ng pagiging matapang. Sa malalim na pag-iisip tungkol sa kanilang napili, sila ay matututo na magsuri kung saan nagmumula ang kanilang konsepto ng katapangan.

Isang paalala para sa mga tagapagturo:

Alam nating lahat na maaaring maimpluwensyahan ng media ang pag-iisip ng mga tao. Kaya upang matulungan ang mga mag-aaral na magkaroon ng kamalayan tungkol dito, makakatulong ng husto na "pag-usapan ninyo" -- sama-samang pag-isipan kung paano ito nangyayari. Narito ang ilan sa mahahalagang bagay na dapat tandaan:

- Ang ating mga ideya ay hinuhubog ng lahat ng ating nakikita, naririnig, at nababasa.
- Ating nabibigyang-unawa ang ating nakikita mula sa ating sariling mga karanasan, kaya maaaring iba-iba ang ating makuhang mga mensahe mula sa magkaparehong media.
- Halos parehas (o minsan higit pa) ang ating natututunan mula sa mga larawan kaysa sa mga salita.
- Ang media literacy ay makakatulong na makontra ang mga stereotype sa pamamagitan ng pagtulong sa atin na magkaroon ng kaalaman (at i-challenge) ang mga pattern – lalo na ang mga umuulit. Halimbawa, kung ang lahat ng mga bayani ay lalaki, maaaring magkaroon tayo ng kaisipang mas magiging bayani ang mga kalalakihan -- kahit na walang nagsasabi sa atin na hindi maaaring maging bayani ang mga kababaihan (ang kawalan ng impormasyon ay kailangan ring bantayan.)

Mga Layunin para sa mga Mag-aaral



- ✓ **Pag-isipan** kung ano ang ibig sabihin ng pagiging matapang, kabilang na ang kahulugan ng pagiging matapang tuwing tayo ay online.
- ✓ **Tukuyin** ang pinagmumulan ng ating mga konsepto sa kahulugan ng katapangan.
- ✓ **Makasanayan** ang pagtatanong ng: "Ano ang hindi nila sinasabi?"

Usap Tayo



Tuwing iniisip mo ang pagiging matapang, iniisip mo ba ang mga pelikula tungkol sa mga superhero? O kaya ay mga bumbero? Ang mga ito ay magagandang halimbawa, ngunit mahalagang tandaan na tayo rin ay may kakayahang maging matapang.

Gawain



Mga kakailanganin:

- Isang piraso ng papel na masusulatan ng mga mag-aaral
- Kagamitan upang makapag-sulat ng listahan na makikita ng lahat
- Tatlong malaking label na may malalaking letra na makikita ng mga mag-aaral sa layong 8-10 talampakan, isa para sa bawat kategorya:
- "Isang karakter sa media" (hindi tunay na tao); "Isang kakilala ko ng personal"; "Isang nakikilala ko" (mula sa kasaysayan o sa balita)

Bago magsimula, i-post ang tatlong tatak sa bawat isang sulok ng silid-aralan.

1. Ngayong araw, pag-uusapan natin ang tungkol sa pagiging matapang

Sa isang piraso ng papel, isulat ang pangalan (o trabaho kung hindi mo alam ang pangalan) ng isang tao -- totoo o likhang-isip, nabubuhay o mula sa kasaysayan -- na sa iyong palagay ay nakagawa ng katapangan. Huwag ipakita ang iyong isinulat sa sinuman... pansamantala.

2. Ikaw ba ay nadalian o nahirapan sa pag-iisip ng taong ito?

Tumayo kung sa iyong tingin ay madali lamang. Kung ito ay mahirap, ano sa iyong palagay ang dahilan? Napag-uusapan ba natin ang pagiging matapang ng madalas, o hindi palagi? Saan mo karaniwang nakikita o naririnig ang tungkol sa mga taong gumagawa ng katapangan?

3. Ang malaking rebelasyon

Ngayon ay maaari mo nang ilahad kung sino ang tao o karakter na iyong napili sa pamamagitan ng pagpunta sa tatak na sa tingin mo akma sa taong iyong napili.

Mag-usap tayo. Pansinin kung ilan sa inyo ang nagpangalan ng mga karakter sa media o tunay na tao na inyong nakikilala lamang mula sa media (tulad ng libro o pelikula). Ano ang sinasabi nito sa iyo tungkol sa pinagmumulan ng inyong mga konsepto ng pagiging matapang?

Kailangan makagawa ng pera ang media, at nangangahulugan itong kailangan nila ng marami sa atin upang magbigay ng atensyo sa kanila. Ipinapakita nila sa atin ang pinakamadrama at punong-puno ng aksyon na uri ng mga katapangan. Kaya naman madalas tayong makakakita ng mga superhero, first responders, at mga sundalo. Magagandang halimbawa ang mga ito ngunit hindi nito sinasabi ang kabuuan ng kwento, tama ba? Palaging mahusay ang magtanong ng, "Ano ang hindi nila sinasabi?"

Ano ang iba pang mga halimbawa ng katapangan? Saan mo pa natutunan ang kahulugan ng pagiging matapang?

4. Paglalahad ng mas higit

Sa inyong mga kinabibilangang pangkat ngayon, pag-usapan ang dahilan ng inyong pagpili. Paano naging matapang ang inyong mga napiling tao? May mga pinagkaiba ba ang uri ng mga bagay na nagawa ng mga tunay na tao at ang katapangan na ginawa ng mga karakter sa media -- kung oo, ano ang mga pagkakaiba?

Matapos ang ilang minuto para sa talakayang panggrupo, muling pagsama-samahin ang mga mag-aaral at -- sa whiteboard o easel -- ay magsulat.

Ating pag-isipan:

- May nagpangalan ba sa isang taong nagligtas ng iba mula sa pisikal na kapahamakan?
- May nagpangalan ba sa isang taong nanindigan para sa isang nabubully? Karamihan ng tao ay naniniwala na ang pagliligtas sa iba mula sa pisikal na pananakit, lalo na kung maaari rin siyang masaktan, ay katapangan.
- Paano naman kung ililigtas ang isang tao mula sa pananakit ng damdamin -- o pagiging mabuti o pagsuporta sa kanila kung nasaktan na ang kanilang damdamin? Katapangan din ba ito?

Itaas ang iyong kamay kung maaari kang makapaglahad tungkol sa isang taong matapang sa ganitong paraan -- o kung may iba kang naiisip na uri ng matapang na asal.

Opsyonal: Hatiin ang klase sa tatlo ulit, ngunit ngayon ay nahahati sa ganitong mga uri:

- a) Ang taong nasa papel ko ay babae.
- b) Ang taong nasa papel ko ay lalaki.
- c) Ang taong nasa papel ko ay hindi umaayon sa pagkakakilanlan bilang lalaki o babae.

Tuwing iniisip ang salitang "matapang," nakikita mo ba ang imahe ng lalaki o batang lalaki? Babae o batang babae? Paano mailalarawan ang katapangan ng mga kababaihan o kabataang babae? Iba ba ito sa katapangan ng mga kalalakihan o kabataang lalaki? Bakit, sa iyong palagay?

5. Talakayin kung ano ang mga katangian ng pagiging matapang

Tingnan ng maigi ang listahang iyong ginawa tungkol sa mga katangian na kailangan sa pagiging matapang. Talakayin:

- Nakikita mo ba ang iyong sarili na gagawa ng mga bagay mula sa listahan?
- Maaari ka bang mag-isip ng mga sitwasyon kung saan ang pagiging mabuti ay pagiging matapang?
- Paano naman **online** – maaari ka bang mag-isip ng mga paraan upang ikaw ay maging matapang online?

Mga Natutunan

Ang katapangan ay tungkol sa pasyang ilagay ang iyong sarili sa gitna ng panganib upang makatulong sa mga tao -- sa lahat ng posibleng paraan. Maaaring hubugin ng media ang paraan ng ating pag-iisip tungkol sa mga bagay, tulad ng kahulugan ng pagiging matapang. Ngunit hindi lahat ng posibilidad ay naipapakita ng media. Kaya makakatulong na magtanong, "Ano ang kanilang hindi sinasabi?" Tuwing tayo ay online, kailangan din natin na isipin ang paglalagay sa ating mga sarili sa alanganin upang maiwasang masaktan ang damdamin ng iba. Lahat tayo ay maaaring maging matapang kung atin itong pipiliin.

